Mga Katuruan ng Biblia



*Isang pansariling pag-aaral tungkol sa pangunahing mensahe ng Biblia*

# MUNTING AKLAT TUNGKOL SA BIBLIA

# MUNTING AKLAT TUNGKOL SA BIBLIA

Isang pansariling pag-aaral tungkol sa pangunahing mensahe ng Biblia

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

Original text produced by the Prison Ministry Committee Commission on Special Ministries Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

Copyright © 2021

Text adapted by Multi-Language Productions of the Wisconsin Evangelical Lutheran Synod.

All cover and black and white illustrations are the work of Glenn Myers. Rights to Glenn Myers' illustrations reserved by Northwestern Publishing House.

All Scripture in this booklet is quoted from Magandang Balita Biblia, Tagalog Popular Version. Copyright © 2008 by Philippine Bible Society.

Level 1, Book 2

# Talaan ng Nilalaman


Tungkol sa Aklat na Ito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .1

Unang Kabanata:
Ang Aklat ng mga Akalat . . . . . . . . . . . . . . . .3

Ikalawang Kabanata:
Ang Aklat na ating Mapagtitiwalaan . . . . .19

Ikatlong Kabanata:
Ang Aklat para sa ating mga Kaluluwa . . .31

Ikaapat na Kabanata:
Ang Pinakadakilang Kuwento
na Naisalaysay . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .45

Ikalimang Kabanata:
Gamitin ang Iyong Biblia . . . . . . . . . . . . . .73

Pagwawakas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .86

Mga Sagot para sa mga
Pagsusulit sa Bawat Kabanata . . . . . . . . . . . .87

Pangwakas na Pagsusulit . . . . . . . . . . . . . . .89

# Tungkol sa Aklat na Ito

Marahil ay nag-aalinlangan kang magbasa ng Biblia. Marahil ay iniisip mong kailangan mo ng tulong upang gabayan ka sa pagsisimula ng iyong pagbabasa at pag-aaral ng Biblia. Ang layunin ng aklat na ito ay tulungan kang maunawaan ang Biblia at ang pangunahing mensahe nito. Ang totoo, hindi naman talaga kailangan ng Biblia ng ganitong uri ng aklat upang maunawaan ng mambabasa ang mensahe nito. Kung babasahin mo ang Biblia, gagamitin ng Diyos ang mga salitang nakasulat doon upang mangusap sa iyo at turuan ka. Magagalak kami kung ang aklat na ito ay makatutulong sa iyong pagbabasa at pag-aaral ng Biblia, ang aklat na puno ng makapangyarihang katotohanan tungkol sa Diyos!

Ang bawat isang kabanata sa aklat na ito ay nagsisimula sa isang tala ng mga layunin na may marka ng isang maliit na bituin (*). Ang mga layuning ito ay nagsasabi kung ano ang iyong matututunan sa kabanatang iyon. May isang maikling pagsusulit pagkatapos ng bawat kabanata. Kung babasahin mong mabuti ang bawat pangkat, masasagot mo nang tama ang mga tanong.

Pagkatapos ng bawat pangkat ng mga tanong, bibigyan ka ng isang bilang ng pahina na maaari mong puntahan upang tingnan kung tama ang iyong

mga sagot. Buksan mo ang pahinang ito at makikita mo ang mga sagot dito. Suriin mong mabuti ang iyong mga sagot at iwasto ang anumang mali. Tiyakin mong naunawaan mo ang lahat ng mga sagot bago ka magpatuloy sa iyong pagbabasa.

Sa pagtatapos ng aklat na ito ay mayroong isang pangwakas na pagsusulit. Bago mo tapusin ang pagsusulit na ito, balik-aralan mo ang mga pagsusulit sa bawat kabanata.

Gabayan ka nawa ng Diyos sa pagbabasa mo ng aklat na ito upang magkaroon ka ng karagdagang kaalaman tungkol sa Biblia!

*Unang Kabanata*

# Ang Aklat ng mga Aklat

Sa unang kabanatang ito, matututunan mo:

* kung ano ang Biblia;
* ang kahulugan ng salitang “Biblia”;
* ang pagkakahati-hati ng mga aklat sa Biblia;
* ang iba’t ibang uri ng mga aklat sa Biblia.

Nilikha ng Diyos ang mundo at ang lahat ng naririto. Ang mga tao ay kanyang nilikha, at mayroong mahahalagang bagay na nais niyang ipabatid sa lahat ng tao. Ang Biblia ay pamamaraan ng Diyos upang mangusap sa mga tao.

Kung wala ang Biblia, maaaring magsapantaha ang tao na mayroong Diyos na umiiral. Sa pamamagitan ng pagmamasid sa kalikasan, masasabi ng tao na mayroong isang makapangyarihang lumikha sa lahat ng mga ito. Sinasabi ng Biblia, “Ang

kaluwalhatian ng Diyos ay ipinapahayag ng kalangitan! Ang ginawa ng kanyang kamay, ipinapakita ng kalawakan!” (Awit 19:1). Gayon din, ang bawat isang tao ay mayroong pakiramdam na mayroong Diyos, at inaasahan ng Diyos ang mabuting pag-uugali sa bawat isa. Ang pakiramdam na ito ay tinatawag na “konsensiya” o “budhi”. Sinasabi ng Biblia tungkol sa mga tao na "...wala na silang maidadahilan pa. Kahit na alam nilang may Diyos, siya'y hindi nila pinarangalan bilang Diyos, ni pinasalamatan man lang. Sa halip, naghaka-haka sila ng mga bagay na walang kabuluhan kaya't nagdilim ang hangal nilang pag-iisip. Ipinapakita ng kanilang mga gawa na nakasulat sa kanilang puso ang panuntunan ng Kautusan. Pinapatunayan din ito ng kanilang budhi, sapagkat kung minsan sila'y sinusumbatan nito; at kung minsan naman, sila'y ipinagtatanggol nito sa kanilang isipan." (Roma 1:20,21 at 2:15).

Kaya kahit wala ang Biblia, magkakaroon pa rin tayo ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos-ngunit hindi ito sapat. Ang kaunting kaalaman na ito ay hindi sapat upang magkaroon tayo ng kaugnayan sa Diyos. Maaaring binibigyan tayo nito ng pagnanais na magkaroon ng kaugnayan sa Diyos, ngunit hindi natin alam kung paano ito gagawin.

Ito ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Biblia. Ipinakikita sa atin ng Biblia na hindi natin kayang iugnay ang ating sarili sa Diyos. Sa halip, sa pamamagitan ng Biblia, iniuugnay niya ang kanyang

sarili sa atin. Sa pamamagitan ng Biblia, ang Diyos ay nangungusap sa atin at inihahayag niya sa atin kung sino siya. Ipinahahahayag niya sa atin kung ano ang ugnayan natin sa kanya sa simula, paano natin ito sinira at pinutol, at paano niya ito pinanumbalik.

Ang Biblia ay Salita ng Diyos. Kung wala ang Salita ng Diyos, tayo ay maliligaw at hindi natin mauunawaan kung ano ang buhay. Ayon kay San Agustin, "Ang ating mga puso ay balisa hanggang sa masumpungan nito ang kapahingahan sa Diyos." Ang Biblia ay pamamaraan ng Diyos upang pagkalooban tayo ng kapahingahan at katiyakan sa ating mga puso. Sa Biblia ay ipinahahahayag niya sa atin kung ano ang kanyang ginawa upang panumbalikin ang ating kaugnayan sa kanya.

1. Sa pamamagitan ng pagmamasid sa ___________ ay maaaring magsapantaha ang tao na mayroong Diyos.
2. Sa kaibuturan ng puso ng tao ay mayroong damdaming nagsasabi sa kanyang mayroong Diyos na nagtatakda ng mabuting asal. Ang damdaming ito ay tinatawag na ___________.
3. Ang maaari nating malaman sa pamamagitan ng kalikasan at ng ___________ ay hindi sapat upang ___________ tayo sa Diyos.
4. Iniuugnay ng Diyos ang kanyang sarili sa atin sa pamamagitan ng ___________.
5. Ang Biblia ay ___________, na naghahayag sa atin kung ano ang ginawa ng Diyos upang ___________ ang ating ugnayan sa kanya.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 13.

Ang salitang “Biblia” ay mula sa isang lumang salitang Griyego na nangangahulugang “mga aklat”. Ngunit ang Biblia ay ‘di tulad ng ibang mga aklat. Maaari mo itong tawaging “Ang Aklat ng mga Aklat”, sapagkat higit itong mahalaga kaysa alinmang aklat.

Mayroon pang isang dahilan kung bakit ang Biblia ay “Ang Aklat ng mga Aklat”. Ang Biblia ay katulad ng isang munting aklatan na naglalaman ng maraming iba’t ibang mga aklat. Ginamit ng Diyos ang mahigit 30 na iba’t ibang tao upang isulat ang iba’t ibang mga aklat sa Biblia. Sa kabuuan, mayroong 66 na mga aklat sa Biblia. Isinulat ang mga ito sa loob ng mahabang panahon, mula 1400 BC hanggang AD 100. Iyan ay mahigit 15 na siglo!

Ang pagkakasunod-sunod ng mga aklat sa Biblia ay hindi gaya sa diksiyunaryo na ayon sa titik. Ang Biblia ay hindi lamang binubuo ng maraming kaalaman. Mayroon itong kuwento o salaysay ang Biblia na ipinahahayag. Kaya iniayos ng mga tao ang mga aklat ng Biblia ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring inilalahad nito-ayon sa panahon kung kailan ang mga ito naisulat. Iyan ay bahagi ng pagsasaayos ng pagkakasunod-sunod ng mga aklat sa Biblia.

Bukod pa rito, ang mga aklat sa Biblia ay iniayos din ayon sa pagkakapangkat-pangkat. Tatalakayin natin ito sa mga susunod na kabanata.

6. Ang salitang “Biblia” ay mula sa isang lumang salitang Griyego na ang kahulugan ay __________.
7. Ang Biblia ay tinatawag na “Ang Aklat ng mga _________”, sapagkat ito ay katulad ng isang munting __________ na naglalaman ng __________ iba’t ibang mga aklat.
8. Sa kabuuan ay mayroong __________ na mga aklat sa Biblia na naisulat sa loob ng higit __________ siglo.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 13.

Ang kapanganakan ni Jesus sa mundong ito ang puso ng Biblia. Ang dakilang pangyayaring ito ang naghahati sa mga aklat ng Biblia sa dalawang pangunahing bahagi. Ang dalawang bahaging ito ay ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Ang 39 na aklat sa Lumang Tipan ay naisulat bago namuhay sa mundo si Jesus. Ang 27 na aklat sa Bagong Tipan ay naisulat pagkatapos na mamuhay sa mundo si Jesus.

Bakit natin tinatawag ang dalawang bahaging ito ng Biblia bilang “tipan”? Ang salitang “tipan” ay nangangahulugang isang napakahalagang kasulatan. Ang isang tao, halimbawa, ay maaaring sumulat ng “huling bilin at kasulatan” na nagsasabi kung ano ang nais niyang gawin para sa kanyang pamilya kung siya ay mamatay. Maaari mong isiping ganito ang mga tipan ng Biblia. Sila ay mahahalagang kasulatan na nagpapahayag ng nais na gawin ng Diyos para sa kanyang pamilya-para sa mga taong kanyang nilikha. Sa Biblia ay ipinangako


ng Diyos na gagawin niya ang mga dakilang bagay para sa atin sa pamamagitan ng buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus. At tinupad niya ito!

9. Ang __________ ni __________ ang mahalagang pangyayari na naghahati sa mga aklat sa Biblia sa dalawang pangunahing bahagi.
10. Ang dalawang pangunahing bahagi ng Biblia ay tinatawag na ___ __________ at ang ___ __________.
11. Ang 39 na aklat sa Lumang Tipan ay naisulat __________ namuhay sa mundo si Jesus. Ang 27 na aklat sa Bagong Tipan ay naisulat __________ mamuhay sa mundo ni Jesus.
12. Ang "tipan" ay isang mahalagang __________.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 13.

Sinabi nating ang Biblia ay katulad ng isang munting aklatan. Upang maunawaan nating kung paano iniayos ang mga aklat, makatutulong na isiping ang Biblia ay dalawang lalagyan ng mga aklat sa silid-aklatan. Ang unang lalagyan ay para sa mga aklat ng Lumang Tipan at ang isa naman ay para sa mga aklat ng Bagong Tipan. Ang bawat lalagyan ay mayroong tatlong salansanan o patungan, at bawat isang salansanan ay naglalaman ng ibang uri ng aklat. Mayroong apat na uri ng mga aklat: aklat-pangkasaysayan, aklat ng mga tula, aklat ng mga pahayag, at mga liham (sulat).

Sa unang lalagyan, ang unang salansanan o




patungan ay naglalaman ng unang 17 na aklat ng Lumang Tipan (Genesis hanggang Ester). Ang mga aklat na ito ay mga aklat ng kasaysayan. Mababasa natin sa mga aklat na ito kung paanong nilikha ng Diyos ang mundo, paanong pumasok ang

kasamaan sa mundo, at paano ipinangako ng Diyos na magsusugo siya ng isang Tagapagligtas na sasagip sa atin mula sa masama. Ang kasaysayan sa mga aklat na ito ay umiikot sa salaysay tungkol sa pangakong Tagapagligtas at sa mga taong nanalig sa pangakong ito.

Sa ikalawang salansanan ay matatagpuan natin ang limang aklat (Job hanggang Awit ng mga Awit). Ang mga ito ay aklat ng mga tula. Maraming aklat sa Biblia ang naglalaman ng mga tula, ngunit ang limang ito ay pawang mga tula ang nilalaman. Ngunit iba ang mga tula noon kaysa ngayon. Ang mga tula sa Biblia ay hindi nakabatay sa pagkakatulad ng mga tunog ng salita.


Sa ikatlong salansanan ay naroroon ang natitirang 17 na aklat sa Lumang Tipan (Isaias hanggang Malakias). Ang mga ito ay mga aklat ng pahayag. Isinulat sila ng mga taong tinatawag na mga “propeta”. Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay nabuhay bago isilang si Jesus, kaya ilan sa mga isinulat nila ay tungkol sa magaganap sa darating na panahon, sa panahon ng pagdating ni Jesus. Madalas ay tungkol sa mga bagay na magaganap sa hinaharap ang paksa ng mga pahayag. Ngunit ang mga pahayag ay maaari ring tumatalakay sa pangkasalukuyan o nakalipas na mga pangyayari. Ang salitang “pahayag” ay nangangahulugang “isang mensaheng tuwirang ibinigay ng Diyos.”

13. Ang apat na uri ng mga aklat na matatagpuan sa Biblia ay aklat ng ___________, aklat ng

________, aklat ng mga pahayag, at ________.

14. Ang __________ ay isang mensaheng tuwirang ibinigay ng Diyos.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 13.



Ang lalagyan para sa Bagong Tipan ay mayroon ding tatlong salansanan o patungan. Bawat isang patungan ay naglalaman din ng ibang uri ng aklat.

Ang unang limang aklat sa Bagong Tipan ay mga aklat ng kasaysayan.

Ang unang apat na mga aklat ng kasaysayan (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan) ay kilala bilang ang mga Ebanghelyo. Ang "ebanghelyo" ay salitang nangangahulugang "mabuti/magandang balita". Maraming mga pitak ng mabuting balita ang matatagpuan sa buong Biblia. Ngunit ang apat na mga aklat na ito ay gaya ng mayamang mga mina ng diamante. Tinatawag silang mga Ebanghelyo sapagkat isinasalaysay nila ang tungkol sa buhay at kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Ang mabuting balitang ito ang puso ng Biblia.

Ang ikalimang aklat ng kasaysayan sa Bagong Tipan ay tinatawag na Mga Gawa ng mga Apostol o sa pinaikli nitong katawagan, "Gawa". Ang aklat na ito ay nagsasalaysay tungkol sa paglilingkod ng mga apostol at ng unang mga taon ng Iglesiang Cristiano. Ang mga apostol ay ang mga lalaking pinili at isinugo ni Jesus upang ipalaganap ang kanyang mensahe.

Ang mga susunod na aklat sa Bagong Tipan ay ang mga epistula o liham. Ang epistula ay isang bagay na ipinadala para sa iba, gaya ng isang liham na ipinadala sa koreo. Ang mga liham sa Biblia ay nagtuturo tungkol sa kahulugan ng pananalig kay Jesus. Ang mga aklat na ito ay gabay sa pananampalataya at buhay ng mga Cristiano.

Mayroong 21 na mga liham sa Bagong Tipan (Roma hanggang Judas).

Ang huling aklat sa Biblia (Pahayag) ay aklat ng pahayag. Ang Pahayag ay gaya ng isang silid na puno ng mga kamangha-manghang mga larawan. May mga larawan ng mga bagay na ipinahayag na ng Biblia na mangyayari, mga pangitain tungkol sa tagumpay ng Diyos laban sa diyablo at mga masasama, at pahapyaw na paglalarawan kung ano ang magiging buhay natin sa langit kung tayo ay dalhin na ng Diyos sa kanyang piling.

15. Ang __________ ay nangangahulugang “mabuting balita”. Ang apat na mga aklat na nagsasalaysay tungkol sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus ay tinatawag na mga __________.
16. Ang salitang __________ ay nangangahulugang isang bagay na ipinadala sa iba, gaya ng isang __________ na ipinadala sa koreo.
17. Ang huling aklat sa Biblia, __________, ay nagpapakita sa atin ng mga paglalarawan tungkol sa __________ ng Diyos at kung paanong dadalhin niya ang mga Cristiano sa __________.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 13.*

**Mga sagot sa mga tanong sa Unang Kabanata:**
1.kalikasan; 2. konsensiya/budhi; 3. konsensiya, iugnay; 4. Biblia 5. Salita ng Diyos, panumbalikin; 6. mga aklat; 7. aklat, aklatan, maraming; 8. 66, 15; 9. pagsilang, Jesus; 10. Lumang Tipan, Bagong Tipan; 11. bago, pagkatapos; 12. kasulatan; 13. kasaysayan, tula, mga liham; 14. pahayag; 15. ebanghelyo, Ebanghelyo; 16. epistula, liham; 17. Pahayag, tagumpay, langit.

## *Pagbabalik-aral sa Unang Kabanata*

Kung wala ang Biblia, maaari tayong magkaroon ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos, ngunit hindi ito sapat. Sa pamamagitan ng Biblia, iniuugnay ng Diyos ang kanyang sarili sa atin. Ang Biblia ay Salita ng Diyos. Ipinahahayag nito kung ano ang ginawa ng Diyos upang panumbalikin ang ating kaugnayan sa kanya.

Ang Biblia ay isang aklat na binubuo ng maraming munting aklat sa loob nito. Mayroong 66 na mga aklat sa Biblia na isinulat sa loob ng mahabang panahon. Ang mga aklat sa Lumang Tipan ay isinulat bago namuhay sa mundo si Jesus. Ang mga aklat sa Bagong Tipan ay isinulat pagkatapos na mamuhay sa mundo si Jesus. Ang buong Biblia ay isinulat upang pagkalooban ang mga tao ng pananalig kay Jesus.


Ang mga aklat sa Lumang Tipan ay tumutukoy sa panahon ng pagdating ni Jesus. Ang Bagong Tipan ay nagsisimula sa mga aklat ng kasaysayan na nagsasalaysay tungkol sa buhay ni Jesus at ng unang mga taon ng Iglesiang Cristiano. Naroon din ang mga liham na isinulat upang gabayan ang pananampalataya at buhay ng mga Cristiano.


Ang huling aklat, ang Pahayag, ay naglalarawan sa tagumpay ng Diyos laban sa diyablo at lahat ng masasama at kung paanong dadalhin niya ang mga Cristiano sa kanyang piling sa langit.

## *Pagsusulit sa Unang Kabanata*

1. Bawat isang tao ay mayroong __________, ang kaalamang mayroong Diyos at itinatakda ng Diyos ang __________.
2. Kung wala ang __________, magkakaroon tayo ng kaunting kaalaman tungkol sa Diyos.
3. Ipinahahayag sa atin ng Biblia kung paanong ang ating __________ sa Diyos ay nasira at naputol, at kung paanong ito ay __________ ng Diyos.
4. Maraming __________ sa Biblia na naisulat sa loob ng maraming __________.
5. Ang __________ ni Jesus ang naghahati sa mga aklat ng Biblia sa __________ pangunahing bahagi.
6. Ang isang mensaheng nagmula nang tuwiran mula sa Diyos ay tinatawag na __________.
7. Ang mga aklat ng Mateo, __________, Lucas, at __________ ay tinatawag na mga "Ebanghelyo". Isinasalaysay nila ang tungkol sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni __________.
8. Ang mga __________ ng Bagong Tipan ay naisulat upang maging __________ ng pananampalataya at buhay ng mga Cristiano.
9. Ang huling aklat sa Biblia, ang Pahayag, ay gaya ng isang __________ na naglalarawan ng mga bagay na ipinahayag rin sa iba pang mga aklat ng Biblia.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 87.*


Ang Lumang Tipan
Mga aklat ng kasaysayan
Mga aklat ng tula
Mga aklat ng pahayag


Ang Bagong Tipan
Mga aklat ng kasaysayan
Mga Liham
Mga aklat ng pahayag



*Si apostol Pablo habang nagdidikta sa isang eskriba sa Roma.*

*Ikalawang Kabanata*

# ANG AKLAT NA ATING MAPAGTITIWALAAN

Sa kabanatang ito ay matututunan mo:

* kung paano naisulat at nabuo ang Biblia;
* kung ano ang ibig sabihin na ang Biblia ay kinasihan;
* kung anu-ano ang mga salitang ginamit upang isulat ang Biblia;
* kung bakit natin mapagtitiwalaan ang Biblia at dapat na isalig ang ating buhay sa mga mga itinuturo nito.

Makikita mo sa isang silid-aklatan ang lahat ng uri ng aklat para sa lahat ng paksa. Mayroong mga aklat na tinatawag na “fiction”. Ang mga ito ay naglalaman ng mga kuwentong hindi totoong nangyari, mga kuwentong ginawa lamang ng mga may-akda ng mga ito. Mayroon ding mga aklat na

tinatawag na "non-fiction". Sinasabi ng mga may-akda ng ganitong uri ng mga aklat na ang kanilang mga isinulat ay batay sa mga totoong kaganapan o kaisipan. Ngunit ang problema, makatatagpo ka ng mga aklat na "non-fiction" na tumatalakay sa parehong kaganapan o kaisipan ngunit nagkakasalungat ang pananaw ng mga may-akda. Halimbawa, ang paksa tungkol sa kasaysayan at pulitika. Isang manunulat ang magsasabing mabuting pinuno ang isang pangulo o punong ministro ng isang bansa habang ang iba pang manunulat ay magsasabing ang pinag-uusapan nilang pinuno ay masama. Isa pang halimbawa ang siyensiya. Ang siyensiya ay itinuturing ng marami bilang pinaka-mapagkakatiwalaang pinagmumulan ng kaalaman. Sa kabila nito, kahit ang mga siyentipiko ay nagkakasalungat ang mga kaisipan. Halimbawa, noong 1687, sumulat ang siyentipikong si Isaac Newton ng isang aklat na nagpapaliwanag kung paano kumikilos ang daigdig. Sa loob ng mahigit 200 na taon, itinuring ng mga tao ang kaisipan ni Newton bilang pinakamainam na pagpapaliwanag sa paksang ito. Ngunit noong 1905, isa ring siyentipiko, si Albert Einstein, ang nagpatunay na hindi lahat ng isinulat ni Newton tungkol dito ay wasto. Ang katotohanan, ang mga aklat na isinulat ng tao ay mayroong mga pagkakamali. Hindi natin palaging mapagtitiwalaan ang mga isinulat ng tao.

Ngunit ang Biblia ay aklat na walang anumang katulad. Ito rin ay isinulat ng mga tao-ngunit sa

isang hindi pangkaraniwang paraan. Ipinagkaloob ng Diyos ang kanyang Salita sa mga taong kanyang hinirang upang isulat ang mga aklat ng Biblia. Mahigit sa 30 na tao ang sumulat ng 66 na iba't ibang mga aklat ng Biblia. Ang kasulatan ay inabot ng higit sa 1,500 na taon upang matapos. Gayon man, ang Biblia ay nananatiling totoo at mapagtitiwalaan. Ipinaliwanag ito ni Pedro, isa sa mga manunulat ng Biblia, sa kanyang liham: "Higit sa lahat, unawain ninyong walang makakapagpaliwanag ng alinmang propesiya sa Kasulatan sa sariling kakayahan, sapagkat ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban lamang ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (2 Pedro 1:20-21).

Bagamat maraming mga propeta at mga apostol ang sumulat ng mga aklat ng Biblia, masasabi nating iisa lang talaga ang tunay na may-akda ng Biblia-ang Diyos mismo. "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos…" (2 Timoteo 3:16).

1. Ang mga aklat na isinulat ng tao sa pangkaraniwang paraan ay ___________; hindi natin palaging ___________ ang mga ito.
2. Ang Biblia ay isinulat sa hindi pangkaraniwang paraan; Ipinagkaloob ng ___________ ang kanyang ___________ sa mga taong kanyang hinirang upang isulat ang Biblia.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 28.*

Ang Biblia ay kinasihan ng Diyos. Nangangahulugan ito na ang bawat salita sa Biblia ay mula sa Diyos. Inilagay ng Diyos sa isip ng mga manunulat ng Biblia ang kanyang salita. Dahil ang Biblia ay kinasihan ng Diyos, nakatitiyak tayo na ito ay tunay ngang Salita ng Diyos.

Sinasabi nating "ang Biblia ay Salita ng Diyos". Mahalaga ang pangungusap na ito. Minsan ay sinasabi ng iba na "ang Biblia ay naglalaman ng Salita ng Diyos". Ngunit ang ikalawang pangungusap na ito ay hindi wasto. Gawin nating halimbawa ang dalawang bote ng "fruit juice". Ang isa ay nagsasabing: "100% real juice." Ang ikalawa ay nagsasabing "naglalaman ng 10% juice.” Pareho silang mga bote ng "fruit juice" ngunit magkaiba sila ng nilalaman. Ang unang bote ay naglalaman lamang ng tunay na "fruit juice". Ang ikalawang bote ay mayroong laman na "fruit juice" bukod sa iba pang sangkap na hindi "fruit juice", gaya ng tubig. Ipinangako ng Diyos sa atin na ang Biblia ay 100% na kanyang Salita. Ang Biblia ay hindi lamang basta naglalaman ng Salita ng Diyos kundi ito AY Salita ng Diyos. Bawat salita sa Biblia ay nagmula sa Diyos.


Dahil ang Biblia ay Salita ng Diyos sa bawat detalye at sa kabuuan, ipinagkakaloob nito ang lahat ng kailangan natin upang mabuhay tayo nang may kaugnayan sa Diyos. Ang Biblia ay gaya ng masustansiyang pagkain na kailangan natin upang ang ating mga kaluluwa ay mabusog at manatiling malakas. Ganito inilarawan ni Jesus ang kanyang

mga Salita. "Sinabi ni Jesus, Ako ang tinapay na nagbibigay-buhay. Ang lumalapit sa akin ay hindi na magugutom kailanman, at ang sumasampalataya sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman" (Juan 6:35). "...ang sinumang uminom ng tubig na ibibigay ko sa kanya ay hindi na muling mauuhaw kailanman. Ang tubig na ibibigay ko ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan" (Juan 4:14).

Ang aklat ng Diyos ay hindi gaya ng mga pangkaraniwang aklat na isinulat ng tao. "Ang Diyos ay ‘di sinungaling na tulad ng tao" (Bilang 23:19). Nang ipagkaloob ng Diyos ang kanyang mga salita sa mga propeta at mga apostol na sumulat ng Biblia, tiniyak ng Diyos na walang anumang pagkakamali rito. Ang bawat salita sa Biblia ay totoo. Mapagtitiwalaan natin ang lahat ng sinasabi sa atin ng Biblia.

3. Ang Biblia ay ___________. Nangangahulugan ito na bawat salita sa Biblia ay ___________ sa Diyos.
4. Ang Biblia ay hindi lamang ___________ ng Salita ng Diyos; ang Biblia ___________ ng Diyos.
5. Bawat salita sa Biblia ay ___________; ____________ natin ang lahat ng sinasabi sa atin ng Diyos.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 28.*



*Isinugo ni Jesus ang kanyang mga alagad.*

May ilang tao na nag-aakalang ang Biblia ay isinulat sa isang mahiwagang salita. Iniisip nilang kailangan ng mga lihim na mga kodigo upang matuklasan natin ang nakatago nitong kahulugan. Hindi ito tama. Ipinagkaloob ng Diyos ang Biblia gamit ang pangkaraniwang mga salita na ginagamit ng tao sa kanilang araw-araw na pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Ginawa ito ng Diyos upang maunawaan ng tao ang kanyang Salita. Ang Lumang Tipan ay isinulat sa wikang Hebreo. Ito ang salita ng mga taong pinili ng Diyos upang panatilihing buhay ang Kanyang pangako hanggang sa dumating si Jesus. Nang isugo ni Jesus ang kanyang mga apostol upang ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng panig ng mundo, isinulat nila ang kanilang mga aklat sa wikang Griyego. Noong panahong iyon, ang wikang Griyego ang pangkaraniwang salita ng karamihan ng mga taong nakasalamuha ng mga apostol. Kaya nga, ang uri ng wikang Griyego na kanilang ginamit upang isulat ang Bagong Tipan ay yaong ginagamit ng mga pangkaraniwang tao at hindi yaong uri na ginagamit ng mga iskolar. Nais ng Diyos na ang kanyang Salita ay basahin ng mga tao at kanilang maunawaan.

Nais pa rin ng Diyos na ang kanyang Salita ay mabasa at maunawaan ng lahat ng tao ngayon. Isinasalin natin ang Salita ng Diyos sa mga salitang ginagamit ng mga tao sa buong mundo. Taglay ng mga salin ang kapangyarihang taglay ng mga orihinal na kasulatan sa wikang Hebreo at Griyego. Ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos ay hindi nakabatay sa isang partikular na salita. Ito ay

nakasalig sa ebanghelyo na ipinagkaloob niya sa atin, anuman ang ating salita.

6. Ang Lumang Tipan ay naisulat sa wikang __________. Ang Bagong Tipan ay naisulat sa wikang ___________. Ang mga ito ay hindi mahiwagang mga salita, kundi mga salitang ___________ ng mga tao.
7. Upang maunawaan ng mga tao ngayon ang Biblia, ___________ natin ito sa maraming mga ___________.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 28.*

Isa sa mga paglalarawan sa Aklat ng Pahayag ang nagpapakita sa atin kung ano ang Biblia. Ang Salita ng Diyos na ipinangangaral sa lahat ng tao ay inilalarawan na gaya ng isang anghel na “"lumilipad sa kalawakan, dala ang walang katapusang Magandang Balita upang ipahayag sa mga tao sa lupa, sa lahat ng bansa, lahi, wika, at bayan" (Pahayag 14:6). Dahil ang Biblia ay totoong Salita ng Diyos na nauukol para sa bawat tao sa mundo, kailangan natin itong pagtuunan ng pansin! "Kaya naman lalong tumibay ang aming paniniwala sa ipinahayag ng mga propeta. Makakabuting ito'y pag-ukulan ninyo ng pansin, sapagkat tulad ito sa isang ilaw sa kadiliman na tumatanglaw sa inyo hanggang sa sumikat ang araw ng Panginoon at magliwanag sa inyong mga puso ang bituin sa umaga" (2 Pedro 1:19). Walang ibang aklat sa mundo ang makapagbibigay sa atin ng pag-asa at mga kasagutan gaya ng ibinibigay sa atin ng Biblia.

Bawat taon, iba't ibang aklat ang inilalathala na ayon sa mga manunulat nito ay makatutulong sa atin upang magawa ang ganito o ganoong bagay, o malutas ang ganito o ganoong suliranin. Maaari ngang makatulong ang ganoong mga aklat sa ating buhay dito sa lupa. Ngunit ang Biblia lamang ang makapagsasabi sa atin kung ano ang nais ng Diyos para sa ating buhay. Tanging ang Biblia lamang ang makapagbibigay sa atin ng pag-asa para sa buhay na darating. Tanging ang Biblia lamang ang aklat na ating lubos na mapagtitiwalaan.

Ang Biblia ang matibay na saligan para sa ating buhay dito sa lupa at sa buhay na walang hanggan. Ang mga taong nananalig sa mga sinasabi ng Biblia ay "Tulad ng isang gusali … itinayo sa pundasyong inilagay ng mga apostol at mga propeta, na ang batong panulukan ay si Cristo Jesus" (Efeso 2:20). Sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng Biblia, "…kayo man ay kasama nilang naging bahagi ng tahanan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu" (Efeso 2:22).

8. Tanging ang Biblia lamang ang makapagsasabi kung ano ang nais ng ___________ para sa ating buhay. Tanging ang Biblia lamang ang makapagbibigay sa atin ng ___________ para sa ___________.
9. Ang Biblia ang matibay na ___________ para sa ating mga ___________ ngayon at sa walang hanggan.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 28.*

## *Pagbabalik-aral sa Ikalawang Kabanata*

Ang mga pangkaraniwang aklat ay madalas na mayroong pagkakamali at magkakasalungat ang sinasabi. Ang Biblia ay hindi tulad ng anumang aklat. Ang mga salita sa Biblia ay ipinagkaloob ng Diyos. Kinasihan niya ang mga manunulat ng Biblia upang tiyakin na ang kanilang mga isinulat ay yaon lamang mga salitang nais niyang kanilang isulat. Ang Biblia ay hindi naglalaman ng ilang mga salitang mula sa Diyos. Ang buong Biblia ay Salita ng Diyos at ito ang tinapay at tubig ng buhay para sa ating mga kaluluwa. Mapagtitiwalaan natin ang lahat ng sinasabi ng Biblia.

Ang mga aklat ng Biblia ay naisulat sa wikang Hebreo (Lumang Tipan) at sa wikang Griyego (Bagong Tipan). Ginamit ng Diyos ang pangkaraniwang mga salita ng tao sapagkat nais niyang marinig at maunawaan ng mga tao ang kanyang Salita. Ngayon ay isinasalin natin sa maraming mga salita ang Biblia upang ang Salita ng Diyos ay maunawaan din ng lahat ng tao.


Kailangan nating lahat ang Biblia upang tulungan tayo at bigyan ng pag-asa para sa ating buhay-ngayon at sa kabilang buhay, kung tayo ay abutin ng kamatayan.

**Mga sagot para sa mga tanong sa Ikalawang Kabanata:**
1.mayroong pagkakamali, mapagtitiwalaan; 2. Diyos, Salita; 3. kinasihan ng Diyos, nagmula; 4. naglalaman, ay; 5. Salita ng Diyos, mapagtitiwalaan; 6. Hebreo,Griyego,nauunawaan; 7.isinasalin,salita; 8. Diyos, pag-asa, buhay na darating; 9. saligan, buhay.

## Pagsusulit sa Ikalawang Kabanata

1. Ang Biblia ay isang aklat na __________; sapagkat ang Biblia ay __________ ng Diyos.
2. Ang mga pangkaraniwang aklat ay madalas na mayroong __________, ngunit dahil ang Biblia ay __________ ng Diyos, walang anumang pagkakamali rito.
3. Sinabi ni Jesus na ang pakikinig sa kanyang mga Salita ay gaya ng pag-inom ng natatanging __________ na bumabalong tungo sa buhay na __________.
4. Isang paraan ng paglalarawan sa Salita ng Diyos ay gaya ito ng isang __________ na nagliliwanag sa __________ na lugar.
5. Ang Biblia ay hindi isinulat sa isang lihim na __________, kundi sa mga salitang __________ ng mga tao.
6. Ang mga __________ ng Biblia ay nagtataglay ng kapangyarihang gaya ng taglay ng mga orihinal na mga kasulatan sa wikang __________ at __________.
7. Tanging ang Biblia lamang ang aklat na lubos nating ___________. Ang ating __________ ngayon at sa walang hanggan ay dapat nating isalig sa mga sinasabi ng Biblia.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 87.*



*Namatay si Jesus sa krus para sa atin.*

*Ikatlong Kabanata*

# ANG AKLAT PARA SA ATING MGA KALULUWA

Sa kabanatang ito ay matututunan mo:

* kung ano ang pinakamahalagang mensahe ng Biblia;
* ang kautusan at ebanghelyo, ang dalawang pangunahing mga katuruang bumubuo sa pinakamahalagang mensahe ng Biblia;
* na ipinahahayag sa atin ng kautusan at ebanghelyo ang mensaheng kailangan nating marinig.



Alam natin kung ano ang kahalagahan ng susi at kung saan ito ginagamit.

Mayroon ding "susi" upang maunawaan natin ang Biblia. Gamit ang susing ito, mabubuksan sa atin ang kahulugan ng Biblia. "...makikilala ninyo ang

katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo" (Juan 8:32).

Ang susi sa pag-unawa sa Biblia ay hindi isang natatanging kagamitan. Ito ay walang iba kundi ang pangunahing mensahe na matatagpuan sa kabuuan ng Biblia. Kung matutuklasan mo ang susing ito, ang buong Biblia ay magiging maliwanag.

Ito ang pinakamahalagang mensahe ng Biblia:

> Ang lahat ng tao ay nagkasala at nararapat na parusahan ng Diyos; ngunit iniatang ng Diyos kay Jesus ang kaparusahan sa halip na sa atin upang ipagkaloob sa atin ang buhay na walang hanggan sa langit sa halip na ang kamatayang walang hanggan sa impiyerno.

Kung mauunawaan mo ang mensaheng ito ay mauuunawaan mo rin ang iba't ibang aklat ng Biblia. Lahat ng mga aklat na ito ay nagtutugma bilang Salita ng Diyos at nagpapahayag sa atin kung paanong iniligtas tayo ng pag-ibig ng Diyos mula sa ating mga kasalanan.

Ipaliliwanag ng kabanatang ito ang pangunahing mensahe ng Biblia at kung paanong ito ay inihahayag sa atin sa Biblia.

1. Ang ___________ sa pag-unawa sa Biblia ay ang pag-unawa sa kabuuang ___________ na ipinahahayag sa atin ng Biblia.
2. Ang pangunahing mensahe ng Biblia ay ito: ang lahat ng tao ay ___________ at nararapat na

__________ ng Diyos, ngunit iniatang ng Diyos ang kaparusahan kay __________ sa halip na sa atin.

Tingnan ang tamang sagot sa pahina 42.

Ang pangunahing mensahe ng Biblia ay mayroong dalawang bahagi. Ang mga ito ang pangunahing mga katuruan ng Biblia. Sinasabi sa atin ng kautusan na tayo ay mga makasalanan na nararapat na mamatay. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo na iniligtas tayo ni Jesus sa ating mga kasalanan upang mabuhay kasama niya magpakailanman.

Ang unang pangunahing katuruan ng Biblia ay ang kautusan. Sa kautusan, sinasabi ng Diyos kung ano ang dapat gawin at hindi dapat gawin ng tao. Kung tinitingnan natin ang kautusan, makikita nating hindi tayo nabubuhay nang naaayon sa inaasahan ng Diyos sa satin.

Dahil hindi natin natupad ang nais ng Diyos na gawin natin, nararapat lang na parusahan niya tayo. "Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..." (Roma 6:23a).

Ang pangalawang pangunahing katuruan ng Biblia ay ang ebanghelyo. Nabanggit na natin na ang “ebanghelyo” ay nangangahulugang “mabuting balita”. Ang mabuting balita ay ito: dahil kay Jesus, lahat ng ating mga paglabag sa kautusan ay napatawad na. "Sapagkat napawalang-sala na tayo sa pamamagitan ng ating pananampalataya,



*Ibinigay ng Diyos kay Moises ang Sampung Utos.*

mayroon na tayong mapayapang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (Roma 5:1). "...ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon" (Roma 6:23b).

Ang dalawang pangunahing katuruan ng Biblia-ang kautusan at ang ebanghelyo-ang bumubuo sa pangunahing mensahe ng Biblia: Tayo ay makasalanan, at si Jesus ang ating Tagapagligtas!

3. Ang dalawang pangunahing katuruan ng Biblia ay ang ___________ at ang ___________.
4. Sinasabi ng ___________ na ang ating mga buhay ay hindi akma sa ___________ ng Diyos.
5. Ang ___________ ay ang mabuting balita na dahil kay ___________, ang lahat ng ating paglabag ay ___________.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 42.*

Pag-aralan pa natin ng higit ang kautusan at ang ebanghelyo.

Lahat ng mga panuntunan o mga utos na ibinigay ng Diyos upang ating sundin ay ang kanyang kautusan.

Madalas ay mali ang pagkaunawa ng mga tao sa kautusan. Iniisip nilang kung susundin nila ang kautusan, magiging mabuti sila at magiging mabuti rin ang Diyos sa kanila. Hindi ganito ang layunin ng kautusan.

Ibinigay nga ng Diyos sa atin ang kanyang mga kautusan sa Biblia, at mainam para sa atin na

sikaping mabuhay ayon sa kanyang mga panuntunan. Ngunit ang pangunahing bagay na itinuturo ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kanyang mga panuntunan ay ito: hindi natin magagawang maging matuwid sa kanyang harapan. Hindi natin matutupad ang mga panuntunan ng Diyos. Palagi tayong nabibigo. “Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23). Ipinakikita sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan na kailangan natin ng Tagapagligtas mula sa ating mga kasalanan.

Nang si Jesus ay naririto sa lupa, may mga taong nag-aakalang sila ay hindi makasalanan. Inaakala nilang kung tutuparin nila ang lahat ng mga panuntunan ng Diyos sa Lumang Tipan, malulugod ang Diyos sa kanila. Inaakala nilang sila ay matuwid. Ngunit hindi sila totoong matuwid. Hindi nila nauunawaan ang pangunahing mensahe ng Biblia. Binabalaan sila ni Jesus tungkol sa kanilang kamalian. Sinabi niya, “Sinasaliksik ninyo ang mga Kasulatan sa paniwalang doon ninyo matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Ang mga Kasulatang iyan ang nagpapatotoo tungkol sa akin! Ngunit ayaw naman ninyong lumapit sa akin upang kayo'y magkaroon ng buhay" (Juan 5:39-40). Ang kautusan ng Diyos ay masamang balita para sa mga makasalanan.

Ang isa pang pangunahing katuruan ng Biblia ay ang ebanghelyo-ang mabuting balita tungkol kay Jesus. Tinupad ni Jesus ang buong kautusan para

sa atin at ito’y ibinibilang na sa atin. Iniatang ng Diyos kay Jesus ang kaparusahan para sa lahat ng ating mga kasalanan. “Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap" (Isaias 53:5).

Sinasabi ng ebanghelyo sa simpleng pananalita ang ganito: “Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos" (2 Corinto 5:21). Ipinako si Jesus sa krus at namatay, at ginawa niya ito para sa atin. Dahil kay Jesus, kayong dating patay dahil sa kasalanan, kayong mga Hentil na hindi nasasakop ng Kautusan ay binuhay ng Diyos na kasama ni Cristo. Pinatawad niya ang ating mga kasalanan at pinawalang-bisa ang lahat ng naisulat na alituntunin laban sa atin, pati ang mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus" (Colosas 2:13,14).

Namatay si Jesus at inilibing. Ngunit sa loob ng tatlong araw siya ay muling nabuhay! Ang himalang ito ay nagpapatunay na si Jesus ay tunay ngang Diyos. Pinatutunayan nito na siya ang may kapangyarihan upang pagkalooban tayo ng buhay na walang hanggan. “Ang sinumang sumasampalataya sa akin, kahit mamatay ay muling mabubuhay" (Juan 11:25). Ang mga salitang ito ni Jesus ay tunay ngang mabuting balita!



*Ibinalita ng anghel na si Jesus ay muling nabuhay.*

6. Ang pangunahing bagay na itinuturo sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan ay __________ natin magagawang maging __________ sa kanyang harapan.
7. Ang kautusan ng Diyos ay kalahating bahagi lamang ng kuwento. Ang __________ ay nagsasabi sa atin na __________ ni Jesus ang buong kautusan para sa atin, at iniatang ng Diyos sa kanya ang lahat ng __________ para sa ating mga kasalanan at siya ang __________ sa halip na tayo.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 42.*

Sinasabi sa atin ng kautusan kung gaano natin kailangan ang pagliligtas ng Diyos. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo na iniligtas nga tayo ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus. Ang mga aral na ito mula sa kautusan ng Diyos at sa kanyang ebanghelyo ang mga aral na kinakailangan nating marinig.

Kung hindi natin pakikinggan ang Diyos, maaari nating akalain na magagawa nating maging matuwid sa kanyang harapan. Ngunit hindi natin ito kayang gawin. "At ang nabubuhay ayon sa hilig ng laman ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos" (Roma 8:8). Dinudurog ng kautusan ng Diyos ang huwad na pagmamatuwid na nasa ating mga sarili.

Pagkatapos niyang durugin ang ating huwad na pagmamatuwid, iniaangat naman niya ang ating mga espiritu sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang balita tungkol kay Jesus ay “…magandang balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan

sa lahat ng tao.” (Lucas 2:10). Hindi na tayo dapat pang mapahamak dahil sa ating mga kasalanan. Ipinangangako ng ebanghelyo sa atin
na sa pamamagitan ni Jesus, tayo ay may buhay. Ang ating buhay ay matuwid sa paningin ng Diyos. Nasa atin na ito ngayon, at hindi ito magwawakas, kahit abutin pa tayo ng kamatayan.

Kung pareho mong pakikinggan ang kautusan at ang ebanghelyo, hawak mo ang susi sa pinakamahalagang mensahe ng Biblia. Ito ang kinakailangan nating marinig. "Anumang naisulat noon ay isinulat para sa ating ikatututo, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at sa pagpapalakasan ng loob mula sa kasulatan, magkaroon tayo ng pag-asa" (Roma 15:4).

8. Kung pareho mong pakikinggan ang __________ at ang __________, hawak mo ang susi sa pinakamahalagang mensahe ng Biblia.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 42.*

Kung ikaw ay nag-iisa, malayo sa iyong pamilya, mararamdaman mo ang lungkot at pangungulila. Malaking tulong ang pagbisita ng iba sa iyo o ang pagpapadala man lamang ng liham o mensahe para sa iyo. Ang pagbisita at ang pagpapadala ng mensahe ay nagpapakita na may malasakit sa iyo ang isang tao at iniisip ka niya.

Maituturing natin na ang bawat tao sa mundo ay nasa isang bilangguan kung hindi sila nananalig na si Jesus ang kanilang Tagapagligtas. "Ngunit ayon

sa kasulatan, ang lahat ng tao'y alipin ng kasalanan..." (Galacia 3:22a). Ang mga makasalanan ay nahiwalay sa Diyos at walang anumang magagawa upang sila ay makalapit sa Diyos. Ngunit ang Diyos ang lumalapit at nakikipag-ugnayan sa atin. Kung binabasa natin ang Biblia, gaya ito ng pagtanggap natin ng isang liham mula sa Diyos mismo. Ang Espiritu Santo ang sumasaatin sa pamamagitan ng mga salita ng Biblia. Ang pagbabasa ng Biblia ay gaya ng pagbisita ng Diyos sa atin. Sa Biblia, ipinaaalam sa atin ng Diyos na siya ay may malasakit sa atin at hindi niya tayo nakalimutan. Mayroon siyang plano para sa atin na maghahatid sa atin ng kalayaan. Ipinangako ng Diyos na palalayain niya tayo mula sa kasalanan at kamatayan magpakailanman. “…kaya't ang ipinangako ng Diyos ay matatanggap sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo na ibibigay sa lahat ng sumampalataya" (Galacia 3:22b).

Ang Biblia ay ang aklat para sa ating mga kaluluwa. Ito lamang ang aklat na nagbibigay ng mga kasagutang tunay nating kailangan.

9. Ang pagbabasa ng Biblia ay gaya ng pagtanggap ng isang ___________ o isang ___________ ng Diyos.
10. Ipinahahayag ng Biblia na ang buong sanlibutan ay nasa ___________ dahil sa kasalanan, ngunit tayo ay pinalaya sa pamamagitan ng ___________ kay Jesus.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 42.*

## *Pagbabalik-aral sa Ikatlong Kabanata*

Makatutulong upang maunawaan natin ang Biblia na ating malaman ang pinakamahalagang mensahe nito. Ang pinakamahalagang mensahe ng Biblia ay ito: lahat ng tao ay makasalanan at nararapat parusahan ng kamatayan, ngunit pinalaya tayo ni Jesus. Tinupad niya ang utos ng Diyos para sa atin at inako ang kaparusahang nauukol sa atin.

Ang ginawa ni Jesus para sa atin ay ang ebanghelyo. Ito ay kamangha-manghang mabuting balita na ipinangangako niya sa atin ang buhay na walang hanggan sa piling ng Diyos.


Ang mga katotohanang hatid ng kautusan at ng ebanghelyo ay ang kinakailangan nating marinig, sapagkat hindi natin matatagpuan ang mga ito sa pamamagitan ng ating sariling pagsisikap o karunungan. Mayroon lamang iisang daan tungo sa tunay na kahulugan ng buhay, at iyan ay sa pamamagitan ni Jesus. Ito ang mensahe ng Biblia.

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikatlong Kabanata:**
1. susi,mensahe; 2. nagkasala,parusahan,Jesus;
3. kautusan,ebanghelyo; 4. kautusan,kalooban;
5. ebanghelyo,Jesus,ipinatawad; 6. hindi,matuwid;
7. ebanghelyo,tinupad,kaparusahan,namatay;
8. kautusan, ebanghelyo; 9. liham, pagbisita; 10. bilangguan, pananalig.

## *Pagsusulit sa Ikatlong Kabanata*

1. Ang susi sa pag-unawa sa Biblia ay hindi isang natatanging kagamitan o __________. Ang susi ay ang maunawaan natin ang kabuuang __________ na sinasabi ng Biblia.
2. Sinasabi sa atin ng kautusan na tayo ay __________.
3. Sinasabi sa atin ng ebanghelyo na __________ tayo ni Jesus mula sa ating mga __________.
4. Ang nararapat sa ating kaparusahan dahil sa ating mga kasalanan ay __________.
5. Inako ni Jesus ang __________ nararapat sa atin dahil sa ating mga kasalanan. Ang lahat ng iniaatang ng kautusan laban sa atin ay __________ dahil sa kamatayan ni Jesus sa krus.
6. Si Jesus ay __________. Pinatutunayan nito na si Jesus ang may kapangyarihan upang pagkalooban tayo ng __________.
7. Ang __________ ang tanging aklat na nagbibigay sa atin ng mga kasagutang tunay nating kailangan.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 87.*



*Isinugo ng Diyos si Jesus upang maging Tagapagligtas natin.*

*Ikaapat na Kabanata*

# ANG PINAKADAKILANG KUWENTO NA NAISALAYSAY

Sa kabanatang ito, matutunan mo:

* ang ilang mga kuwento sa Biblia;
* kung paanong ang mga kuwentong gaya ng mga ito ay nakaugnay sa pinakamahalagang mensahe ng Biblia.

Maraming kuwento sa Biblia ngunit ang lahat ng kuwentong ito ay bumubuo sa iisang pangunahing salaysay lamang. Ang pangunahing salaysay na ito ang ating pinag-aaralan. Tinatawag natin itong ang pangunahing mensahe ng Biblia: na ang lahat ng tao ay makasalanan, at si Jesus ang ating Tagapagligtas. Ang lahat ng mga kuwento sa Biblia ay naglalahad ng bahagi ng iisang mensaheng ito. Sa kabanatang ito, matututunan mo ang mga kuwentong ito.

Nagsimula ang kuwento ng Biblia… Nang pasimula! Ang unang mga salita sa Biblia ay naghahayag sa atin kung saan nagmula ang mundo at ang lahat ng bagay. “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa;" (Genesis 1:1). Nang likhain ng Diyos ang mundo, lahat ng bagay ay napakabuti. Ang unang tao ay mabuti at banal at walang bahid ng kasalanan. Sila ay matuwid sa harapan ng Diyos. Sila ay sina Adan at Eva. Ang pangalang “Adan” ay salitang Hebreo na ang ibig sabihin ay “tao”. Tinawag ni Adan ang kanyang asawa na Eva, nangangahulugang “buhay” o “nabubuhay”. Tinawag niya siyang Eva sapagkat “siya ang ina ng sangkatauhan" (Genesis 3:20). Sina Adan at Eva ang ating unang mga magulang. Sila ang magulang ng bawat isang taong nabuhay at nabubuhay dito sa lupa.

Ngunit sina Adan at Eva ay nagkasala sa Diyos. Sinuway nila ang isang utos ng Diyos. Dahil sa kanilang pagkakasala, nawala ang kanilang katuwiran at kabanalan. Sila ay makasalanan na, at lahat ng kanilang mga anak (lahat ng tao) ay ipanganganak na taglay ang kasalanan sa kanilang katauhan. Sila at ang kanilang mga anak ay mamamatay dahil sa kasalanan. Ngunit patuloy na iniibig ng Diyos ang taong kanyang nilikha, at pinagkalooban niya sila ng isang kamangha-manghang pangako. Sinabi ng Diyos na isang Tagapagligtas ang darating at papawiin ang lahat ng pagdurusang hatid ng kasalanan.



*Nilikha ng Diyos sina Adan at Eva,*
*ang ating unang mga magulang.*

1. Ang lahat ng mga __________ ay bumububo sa iisang pangunahing __________ na nagsasabi sa atin na si __________ ang ating Tagapagligtas.
2. Nang likhain ng Diyos ang mundo, ang lahat ng bagay ay __________.
3. Dahil nagkasala sina Adan at Eva, lahat ng tao ay ipanganganak na taglay ang __________ sa kanilang katauhan.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Sa simula, ang mga anak nina Adan at Eva ay masigasig sa pagbabahagi ng pangako ng Diyos sa kanilang mga anak. Nais nilang ang lahat ay magtiwala sa Diyos at manalig sa darating na Tagapagligtas. Ngunit pagkalipas ng maraming taon, karamihan sa mga tao sa mundo ay nakalimutan na ang tungkol sa pangako ng Diyos. Hindi pinalaki ng mga magulang ang kanilang mga anak upang umiwas sa kasalanan at humingi ng tawad sa Diyos. "Nakita ni Yahweh na laganap na ang kasamaan ng tao sa daigdig, at puro kasamaan na lamang ang palaging nasa isip nito" (Genesis 6:5). Kaya't pinarusahan sila ng Diyos. Pinabuhos ng Diyos ang malakas na ulan at binuksan niya ang mga bukal ng tubig sa mundo. Idinulot ng Diyos na magkaroon ng malawakang pagbaha sa buong mundo na kumitil sa buhay ng lahat ng tao liban sa isang pamilya. Iniligtas ng Diyos ang isang tao, si Noe, kasama ang asawa ni Noe, ang kanilang tatlong anak, at ang mga asawa ng kanilang mga anak. Ang walong katao na ito ang pagsisimulan ng



*Nagpasalamat si Noe sa Diyos matapos ang baha.*

isang bagong lahi na muling magbabalik ng buhay sa mundo pagkatapos ng baha.

Paglipas ng maraming taon, muli na namang nakalimot ang mga tao sa Diyos. Nabuhay sila taglay ang kaisipang hindi nila kailangan ang Diyos. Sinabi nila, "Halikayo at magtayo tayo ng isang lunsod na may toreng abot sa langit upang maging tanyag tayo at huwag nang magkawatak-watak sa daigdig" (Genesis 11:4). Sa pagdaan ng mga taon, nakalimutan na rin ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak ang tungkol sa pangako ng Diyos na magsusugo siya ng Tagapagligtas na kailangan nila. Sa halip, ang mga magulang at ang kanilang mga anak ay naghangad na maging tanyag at makapangyarihan.

Isang pangkat ng mga magulang ang muling binigyan ng Diyos ng pagkakataon upang maging tagapaghatid ng kanyang mensahe. Sila ang mga taong magpapahayag ng pangako ng Diyos sa lahat ng mga tao sa mundo. Pumili ang Diyos ng isang lalaki at pinangalanan niya itong “Abraham” (ang kahulugan ay “ama ng marami”). Lilikha ang Diyos ng isang bagong bansa mula kay Abraham at sa kanyang mga anak. Mula sa bansang ito magmumula ang Tagapagligtas, si Jesus, na mag-aalis ng lahat ng kasalanan ng sanlibutan. Kaya’t si Abraham at ang kanyang anak na si Isaac, si Jacob na anak ni Isaac, at ang labindalawang mga anak na lalaki ni Jacob ang naging mga ama ng isang bagong bansa na tinawag na Israel.



*Binibilang ni Abraham ang mga bituin.*

4. Dahil sa kasamaan ng tao, nagpadala ang Diyos ng __________ na kumitil sa buhay ng lahat ng tao sa mundo liban kay __________ at ang kanyang pamilya.
5. Sinabi ng Diyos na ang Tagapagligtas ay magmumula sa isang bansang tinatawag na __________. Ang bansang ito ay nagsimula sa pamilya ni __________ at ni Isaac at ni Jacob.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Maraming kuwento tungkol sa mga Israelita at ang mga kuwentong ito ay matatagpuan sa mga pahina ng Lumang Tipan. Hindi natin maisasalaysay ang lahat ng mga kuwentong iyon, kaya pag-aaralan lang natin ang ilang mga kaisipan at ilang mga kuwento bilang halimbawa.

Hindi sapat ang kakayahan ng mga magulang upang panatilihin ang kanilang mga anak-at ngayon ang bansang Israel-na malapit sa Diyos. Kaya't binigyan ng Diyos ang mga Israelita ng mga kautusan upang panatilihin silang natatangi sa iba pang mga tao. Ang mga kautusang ito ay ibinigay ng Diyos sa Israel sa pamamagitan ng isang pinuno na nagngangalang Moises. Si Moises ay isang malakas na pinuno. Sa tulong ng Diyos, pinangunahan ni Moises ang mga Israelita upang makalaya mula sa kanilang pagkakaalipin sa kapangyarihan ng isang bansa. Ngunit maging si Moises ay mayroon ding mga pagkakamali, at ipinaalala ito ng Diyos sa kanilang lahat. Nang marating nila ang lupang ipinangako ng Diyos sa kanila, hindi pinahintulutan ng Diyos si Moises na



*Nangusap ang Diyos kay Moises mula sa nagliliyab na mababang punongkahoy.*

makasama rito (Deuteronomio 32:48-52). Winakasan ng Diyos ang pamumuno ni Moises, ngunit ang mga mga kautusang ibinigay ng Diyos sa kanila ay ang pamamaraan ng Diyos upang pangunahan ang mga Israelita hanggang sa dumating ang Tagapagligtas.

Nagtalaga ang Diyos ng iba pang mga pinuno upang pamunuan ang mga tao at upang panatilihin silang tapat sa mga kautusan ng Diyos. Ilan sa mga pinunong ito ay tinawag na mga hukom. Ang kanilang tungkulin ay pamahalaan ang kanilang bansa. Ang ibang mga pinuno ay tinawag na mga pari o saserdote. Ang kanilang tungkulin ay pangasiwaan ang pagsamba ng mga tao.

Ngunit gaya ng mga magulang (mula sa panahon ni Adan hanggang kay Jacob), ang mga hukom ay mga pinunong nagkakamali rin. Hindi nila nagawang pasunurin ang lahat sa kautusan ng Diyos. Sa mga panahong ang mga hukom ang namumuno, “Ang mga Israelita ay gumawa ng kasamaan laban kay Yahweh at sumamba sila sa mga Baal" (Hukom 2:11). "Nang panahong iyon ay wala pang hari sa Israel; ginagawa ng bawat isa ang lahat ng kanilang magustuhan" (Hukom 21:25).

Maging ang mga pari o saserdote, bilang mga pinuno, ay nagkakamali rin. Isang pari na may ginagampanang mahalagang gawain, si Eli, ay mahina ang pamumuno at ni hindi niya magawang akayin ang kanyang pamilya sa pagsunod sa

kautusan ng Diyos. Naging mga pari rin ang kanyang mga anak at ginamit nila ang kanilang kapangyarihan upang pangunahan ang mga tao sa pagsuway sa Diyos. Noong panahong iyon, ang paghahandog ng mga hayop ay bahagi ng pagsamba ng mga tao sa Diyos. Kinukuha ng mga anak ni Eli ang pinakamainam na mga bahagi ng mga hayop na dinadala sa kanila upang ialay sa Diyos at itinatabi para sa kanilang mga sarili. Pinipilit nila ang mga tao na ibigay sa kanila ang pinakamainam na mga bahagi bago ihandog sa Diyos. Sa kanilang labis na kasamaan, sumisiping sila sa mga babaing naglilingkod sa pintuan ng Toldang Tipanan. Ang Toldang Tipanan ang bahay-sambahan ng mga Israelita (1 Samuel 2:22). Hindi lahat ng mga pari sa Israel ay kasing-sama ng mga anak ni Eli. Ngunit ang kanilang masasamang halimbawa ay nagpapakita na walang sinumang pinuno ang lubos na matuwid upang gawin din tayong matuwid sa harapan ng Diyos. Ang mga hukom at mga pari ay may kanya-kanyang mga pagkakasala.

6. Si ___________ ay isang malakas na pinuno na nanguna sa pagpapalaya sa Israel mula sa kanilang pagkakaalipin sa ibang bansa.
7. Noong panahong ang namumuno sa Israel ay ang mga ___________, ginagawa ng mga tao ang lahat ng kanilang magustuhan.
8. Ang mga ___________ ang may tungkuling pamunuan ang pagsamba ng mga tao.

9. Walang sinumang pinuno dito sa lupa ang lubos na __________ upang gawin din tayong matuwid sa harapan ng Diyos.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*


Dahil sa kabiguan ng mga hukom, hinangad ng mga Israelita na magkaroon sila ng isang hari upang mamuno sa kanila. Ang kanilang dahilan ay hindi upang maging mas mabuti sila sa pagsunod sa Diyos. Sa halip, sinabi nila, "Kaya't ipili ninyo kami ng isang haring mamumuno sa amin tulad ng ibang mga bansa" (1 Samuel 8:5). Sa halip na manatiling bukod at natatangi, gaya ng nais ng Diyos, hinangad ng mga Israelita na umayon sa takbo ng sanlibutan.

Ipinahintulot ng Diyos na magkaroon ng hari ang Israel. Hindi rin nagtagal bago naging hayag ang pagiging makasalanan ng kanilang mga hari. Tungkol sa unang hari sa Israel, si Saul, sinabi ng Diyos, “Nanghihinayang ako sa pagkapili ko kay Saul bilang hari sapagkat tinalikuran niya ako at sinuway ang aking mga utos" (1 Samuel 15:11). Kaya’t pumili ang Diyos ng isang bagong hari na papalit kay Saul. Pumili ang Diyos ng "... isang taong mula sa kanyang puso..." (1 Samuel 13:14). Si David ang kanyang hinirang, “At nilukuban si David ng Espiritu ni Yahweh" (1 Samuel 16:13).

Ngunit maging ang dakilang Haring David ay hindi naging tapat sa Panginoon. Minsan, habang siya ay nasa kanyang palasyo, natanaw niya ang isang magandang babae. Ipinasundo niya ito sa palasyo

at nakipagtalik siya rito. Nang malaman niyang nagdadalang-tao ang babaeng ito, gumawa siya ng paraan upang mamatay ang asawa nito. Pagkatapos ay dinala niya ang babaeng ito sa palasyo upang maging asawa niya (bukod pa sa ibang mga babaeng ginawa rin niyang kanyang mga asawa). "...hindi nalugod si Yahweh sa ginawang ito ni David" (2 Samuel 11:27). Bunga nito, maraming kinaharap na mga kaguluhan si David bilang hari.

Nang maging hari ang anak ni David na si Solomon, tila nagiging maayos ang mga bagay. Matalino si Solomon, at ang kanyang kaharian ay naging napakayaman at makapangyarihan. Nagpatayo pa si Solomon ng isang napakarangyang templo upang palitan ang Toldang Tipanan bilang bahay-sambahan ng mga Israelita. Ngunit sa malaking bahagi ng kanyang buhay, ang puso ni Solomon ay hindi nanatiling malapit sa Diyos. At pagkatapos ng paghahari ni Solomon, ang kaharian ay nahati sa dalawa-ang kanlurang bahagi at ang silangang bahagi. Sa alinmang bahagi ng nahating kaharian, marami ang lumitaw na masasamang hari at iilan lamang ang naging mabuting hari. Sa bandang huli, hinayaan ng Diyos na masakop ng ibang kaharian ang kanlurang bahagi ng kaharian. Pagkalipas ng ilang taon, ang silangang bahagi ng kaharian ay bumagsak sa kamay ng makapangyarihang imperyo ng Babilonia. Ang mga naninirahan sa bahaging ito ng kaharian ay dinala upang maging bihag sa Babilonia (Ngayon ang lupaing ito ay tinatawag na Iraq).



*Pumasok si Jesus sa Jerusalem.*

Kaya't ang pagkakaroon ng mga hari ay hindi makapagbibigay ng sapat na sanggalang laban sa mga kaguluhan o sakuna. Sa katotohanan, sa maraming mga pagkakataon, ang mga hari mismo ang naghatid ng kaguluhan at sakuna sa kanilang bansa.

10. Ang unang tatlong hari ng Israel ay sina Saul, __________, at Solomon.
11. Hindi makapagbibigay ang mga hari ng __________ sanggalang laban sa mga kaguluhan o sakuna. Sa katotohanan, sa maraming mga pagkakataon, ang mga hari mismo ang naghatid ng kaguluhan at sakuna sa kanilang bansa.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Ang mga hukom at ang mga pari at mga hari ay pawang nabigong pangunahan at tulungan ang mga taong sumunod sa Diyos. Kaya't nagsugo rin ang Diyos ng mga propeta upang ipahayag ang kanyang mensahe sa mga tao. Ipinahayag ng mga propeta na dahil sa kanilang pagsuway sa Diyos ay nararapat silang parusahan. Paulit-ulit din nilang ipinaaalala sa mga tao ang pangako ng Diyos tungkol sa isang Tagapagligtas. Nais ng Diyos na palaging alalahanin ng mga tao ang kanyang mabuting balita tungkol sa Tagapagligtas.

Nagbigay ang mga propeta ng higit na maraming detalye kung paano makikilala ang Tagapagligtas kapag siya ay dumating na. Isang propeta ang

nagpahayag tungkol sa isang palatandaan- "Maglilihi ang isang dalaga at magsisilang ng isang sanggol na lalaki" (Isaias 7:14). Isa pang propeta ang nagpahayag naman kung saan isisilang ang kamangha-manghang sanggol na ito. “Ngunit ikaw, Bethlehem Efrata, bagama't pinakamaliit ka sa mga angkan ng Juda ay magmumula sa iyong angkan ang isang mamumuno sa Israel. Ang kanyang pinagmulan ay buhat pa noong una, noong unang panahon pa" (Mikas 5:2). Darating ang Tagapagligtas ngunit ang kanyang pagdating ay hindi gaya ng mga hari sa una. "Dumarating siyang may kapakumbabaan, batang asno ang kanyang sinasakyan" (Zacarias 9:9). Ngunit sinabi rin ng mga propeta na kapag dumating na ang Tagapagligtas, hindi siya kikilalanin ng mga tao.

"Hinamak siya ng mga tao at itinakwil. Nagdanas siya ng hapdi at hirap. Wala man lang pumansin sa kanya. Binale-wala natin siya, na parang walang kabuluhan" (Isaias 53:3). Papatayin siya ng mga tao, ngunit ang kanyang buhay ang ginawang kabayaran ng Diyos para sa kasalanan ng lahat ng tao. Pagkatapos, si Jesus ay muling mabubuhay. "Sinabi ni Yahweh, "Ang kanyang paghihirap ay kalooban ko; ang kanyang kamatayan ay handog para sa kapatawaran ng kasalanan. Dahil dito'y mabubuhay siya nang matagal, makikita ang lahing susunod sa kanya. At sa pamamagitan niya'y maisasagawa ang aking panukala" (Isaias 53:10). Ang lahat ng ito ay naganap nang dumating si Jesus pagkalipas ng maraming taon.

Ginawa ng mga propeta ang kanilang magagawa upang akayin ang mga tao sa Diyos at ipaalala sa kanila ang mga pangako ng Diyos tungkol sa Tagapagligtas. Ngunit kaunti lamang ang nakinig. Nagalit ang Diyos dahil sa kanilang pagtangging maniwala. Ang Lumang Tipan ay nagtatapos sa isang babala mula sa Diyos: "Darating ang araw na gaya ng isang nagbabagang hurno, tutupukin ang mga palalo at masasama gaya ng dayami at walang matitira sa kanila," sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat" (Malakias 4:1).

12. Inakay ng mga __________ propeta ang mga tao sa Diyos at naghayag ng mga detalye tungkol sa __________ na isusugo ng Diyos.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Ang salaysay tungkol sa mga ginawa ni Jesus ay matatagpuan sa unang apat na mga aklat ng Bagong Tipan. Ang kabuuan ng Bagong Tipan ay nagsasalaysay tungkol sa iglesia (mga taong nananalig kay Jesus). Ang mga aklat na ito ay mga liham na nagbibigay ng mga panuntunan sa mga nananalig kay Jesus.

Nang dumating si Jesus, napakaunting tao lamang ang kumilala sa kanya bilang Tagapagligtas, bagamat isinilang siya ng isang birhen sa Jerusalem, gaya ng ipinahayag ng mga propeta. Gumawa si Jesus ng maraming himala upang patunayang siya ang Tagapagligtas. Pumasok siya sa Jerusalem sakay ng isang bisirong asno, gaya ng

ipinahayag ng mga propeta. Ngunit tumanggi pa rin ang mga tao na kilalanin siya at siya’y ipinapatay pa nila (gaya rin ng ipinahayag ng mga propeta). Siya ay muling nabuhay at napakita sa mga taong nananalig sa kanya. Muli siyang bumalik sa langit upang pamahalaan ang buong sanlibutan hanggang sa wakas ng panahon.

Pagkatapos na umakyat si Jesus sa langit, ipinangaral ng kanyang mga apostol at ng lahat ng kanyang mga alagad ang tungkol kay Jesus. Madalas ay inaalipusta ang mga Cristiano ng ibang mga tao dahil sa kanilang pananalig kay Jesus. Sinabi ni Jesus na mangyayari nga ito. Sinabi niya, "Kapopootan kayo ng lahat dahil sa pagsunod sa akin, ngunit ang mananatiling tapat hanggang wakas ang siyang maliligtas" (Mateo 10:22). Ngunit ipinangako rin ni Jesus, “Ang nagsisikap na mapanatili ang kanyang buhay ang siyang mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakamit nito" (Mateo 10:39). Maraming Cristiano ang pinatay ng mga taong namumuhi sa mensahe ng pananampalatayang Cristiano, ngunit tinanggap ng mga Cristianong ito ang buhay na walang hanggan sa langit. At yaong mga nagtangkang pigilin ang iglesia ay nakatulong pa nga upang lalo itong lumago. Dahil sa mga banta at masamang trato sa mga mananampalataya, sila ay nagtungo sa ibang mga lugar upang humanap ng ligtas na lugar upang mabuhay. Sa kanilang paghayo, “...saanman sila makarating ay ipinapangaral nila ang salita" (Gawa



*Kinakausap ni Pablo ang mga bagong mananampalataya.*

8:4) at "...sumampalataya at nagpabautismo ang mga lalaki't babae" (Gawa 8:12).

Maging ang mga apostol ay nagtungo sa iba’t ibang mga bansa upang ipangaral ang tungkol kay Jesus. Ang pinakakilala sa mga paglalakbay na ito upang ipangaral ang Salita ng Diyos ay yaong mga paglalakbay ni apostol Pablo. Isinasalaysay ng aklat ng mga Gawa ang mga paglalakbay na ito ni Pablo.

Sa pagtatapos ng aklat na ito ay isinasalaysay kung paanong dinakip si Pablo at nilitis dahil sa kanyang ginagawa. Ang Imperyong Romano ang naghahari noon, at inisip nilang ang pangangaral na ito tungkol kay Jesus ay magiging daan upang mabawasan ang katapatan ng mga tao sa emperador. Sa lahat ng mga pagdurusang dinanas ni Pablo, kasama niya ang Diyos. Sinabi ng Diyos sa kanya, “Ang pagpapala ko ay sapat sa lahat ng pangangailangan mo; lalong nahahayag ang aking kapangyarihan kung ikaw ay mahina." Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang lalo kong madama ang kapangyarihan ni Cristo" (2 Corinto 12:9). Kaya’t sinabi ni Pablo, “Dahil kay Cristo, walang halaga sa akin kung ako ma'y mahina, kutyain, pahirapan, usigin at magtiis. Sapagkat kung kailan ako lalong mahina, saka naman ako nagiging malakas" (2 Corinto 12:10). “Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo" (Filipos 4:13).

Ang mga kaisipang ito mula kay Pablo ay nagmula

sa ilan sa kanyang mga liham na kanyang ipinadala sa iglesia. Sa mga liham sa Bagong Tipan, ipinaaalala sa atin ng Diyos kung ano ang kanyang ginawa para sa atin, at tinuturuan tayo kung paano dapat na mamuhay bilang mga alagad ni Jesus. Sa isang banda, maaari mong sabihin na ang kuwento ng Biblia ay nagpapatuloy pa rin ngayon, sapagkat ang malaking bahagi ng Bagong Tipan ay tungkol sa iglesia. Nagiging bahagi tayo ng iglesia dahil sa ating pananalig kay Jesus at ang pananalig na ito ang nag-uudyok sa atin upang mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban. Kung magkagayon, nagiging bahagi tayong lahat ng kuwento ng Diyos sa mundo ngayon.

13. Nang dumating ang Tagapagligtas, si __________, hindi siya kinilala ng mga tao at __________ pa.
14. Si Jesus ay __________ at __________ sa langit. Siya ngayon ang naghahari sa lahat ng bagay.
15. Ang lahat ng sumusunod kay Jesus ay bahagi ng kanyang __________. Ang grupong ito ay patuloy na lumago kahit pa sila ay __________ ng mga taong namumuhi sa mensahe ng pananampalatayang Cristiano.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Ang kuwento ng Biblia ay nagsasalaysay tungkol sa mga magulang, mga pari, mga hukom at mga hari at mga propeta. Wala ni isa man sa kanila ang may kakayahang maging matuwid sa harapan ng Diyos,

at wala rin silang kakayahang ilapit ang sinuman sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang sariling kalakasan. "Hindi kaya ng sinumang ang sarili ay matubos, hindi kayang mabayara't tubusin sa kamay ng Diyos. Ang bayad sa kanyang buhay ay halagang sakdal taas; gaano man ang halagang hawak niya'y hindi sapat upang siya ay mabuhay nang hindi na magwawakas at sa labi ng libingan ay hindi na mapasadlak" (Awit 49:7-9). Muli’t muli ay pinatutunayan ng mga kuwento sa Biblia na totoo ang mga salitang ito ng Diyos.

Ngunit si Jesus ay Diyos na nagkatawang-tao upang iligtas tayo. "Dahil sa ang mga anak na tinutukoy niya ay tao, naging tao rin si Jesus at tulad nila'y may laman at may dugo. Ginawa niya ito upang sa pamamagitan ng kanyang kamatayan ay mawasak niya ang kapangyarihan ng diyablo na siyang may kapangyarihan sa kamatayan" (Hebreo 2:14). Ang ginawa ni Jesus para sa atin ang buong kabayaran para sa ating mga kasalanan upang tayo ay mabuhay magpakailanman. Si Jesus ay hindi gaya ng mga pinuno dito sa lupa. Tanging si Jesus lamang ang hindi nabibigo sa pagtulong sa atin. Sa lahat ng oras at pagkakataon ay magagawa niya tayong iligtas mula sa anumang bagay-maging sa kamatayan. Si Jesus ang hari, pari, at propeta na nakatugon sa ating pangangailangan. "Samakatuwid, si Jesus, kung ganoon, ang Pinakapunong Paring nakakatugon sa ating pangangailangan. Siya'y banal, walang kasalanan ni kapintasan man, inihiwalay sa mga makasalanan

at itinaas sa kalangitan" (Hebreo 7:26). Ang mga magulang dito sa lupa ay madalas na bigong pamunuan nang maayos ang kanilang mga pamilya. Ngunit dahil kay Jesus, ang Diyos ang ating Ama ngayon sa langit. "Ang lahat ng mabuti at ganap na kaloob ay buhat sa Diyos, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nagbabago, o nagpapakita ng bahagya mang pagbabago" (Santiago 1:17). "At yamang mga anak, tayo'y mga tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Sapagkat kung tayo'y kasama niya sa pagtitiis, tayo'y makakasama niya sa kanyang kaluwalhatian" (Roma 8:17).

Lahat ng mga kuwento sa Biblia ay nagsasabi sa ating hindi tayo dapat magtiwala sa ating mga sarili o sa sinumang tao. Kailangan nating magtiwala sa Diyos. "Higit na mabuti na doon kay Yahweh magtiwala ako, kaysa panaligan yaong mga tao. Higit ngang mabuting ang pagtitiwala'y kay Yahweh ibigay, kaysa pamunuan ang ating asahan" (Awit 118:8,9).

16. Tanging si __________lamang ang makapagliligtas sa atin sa kahit anong bagay- kahit sa __________.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 69.*

Hindi natin opinyon ang pagsasabing ang buong Biblia ay naglalahad ng kuwento tungkol kay Jesus bilang ating Tagapagligtas. Si Jesus mismo ang nagsabi nito. Nang magpakita siya sa kanyang mga

alagad, “Binuksan niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi niya sa kanila, "Ganito ang nasusulat: kinakailangang maghirap at mamatay ang Cristo; at pagkatapos, siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, magmula sa Jerusalem" (Lucas 24:45-47). Kung binabasa natin at pinag-aaralan ang Biblia, natatagpuan natin ang susi na magbubukas ng pinto ng langit para sa atin. Ang susi ay ang mensahe tungkol kay Jesus na nagligtas sa atin mula sa kamatayan nang bayaran niya ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Walang alinlangan na ang mensaheng ito ang pinakadakilang kuwento na naisalaysay!

## *Pagbabalik-aral sa Ikaapat na Kabanata*

Ang lahat ng maraming kuwento sa Biblia ay may bahagi sa paghahayag ng iisang pangunahing salaysay, ang pangunahing mensahe ng Biblia. Ang mga kuwentong ito ay nagpapakita sa atin kung paanong ang mga tao ay paulit-ulit na nagkakasala, at kung paanong kailangan natin ang Diyos upang maging ating Tagapagligtas.

Ipinangako ng Diyos kay Adan at kay Eva ang isang Tagapagligtas, pagkatapos na sila’y magkasala laban sa Diyos. Tungkulin ng mga magulang na ibahagi sa kanilang mga anak ang tungkol sa pangako ng Diyos. Ngunit hindi ito palaging

nagagawa ng mga magulang, at ang mga tao ay paulit-ulit na sumusuway sa Diyos. Nagpadala ang Diyos ng isang malawakang pagbaha sa buong mundo, at nagsimulang muli sa pamilya ni Noe. Ngunit ang mga tao ay hindi rin nanatiling tapat sa Diyos.

Hinirang ng Diyos si Abraham upang maging ama ng bansa kung saan magmumula ang Tagapagligtas. Malaking bahagi ng Lumang Tipan ay nagsasalaysay ng kuwento tungkol sa bansang ito, ang Israel.

Nagtalaga ang Diyos ng mga hukom at ng mga pari at mga hari at mga propeta upang pamunuan ang mga tao, ngunit silang lahat ay mga taong makasalanan. Ang mga taong makasalanan ay hindi maililigtas kailanman ng kapwa nila mga taong makasalanan. Kailangan nating lahat si Jesus upang maging Tagapagligtas natin. Si Jesus ay Diyos na nagkatawang-tao upang iligtas tayo mula sa lahat ng kaguluhang hatid ng kasalanan.

Lahat ng mga kuwento sa Biblia ay nagpapakilala kay Jesus at sa kanyang mga ginawa para sa atin. Ipinatawad niya ang ating mga kasalanan at ibinilang niya tayong mga anak ng Diyos.

**Mga sagot sa mga tanong sa Ikaapat na Kabanata:**
1. kuwento,kuwento,Jesus; 2. mabuti; 3. kasalanan; 4. baha,Noe; 5. Israel,Abraham; 6. Moises; 7. hukom; 8. pari/saserote; 9. matuwid; 10. David; 11. sanggalang; 12. propeta, Tagapagligtas; 13. Jesus,pinatay; 14. muling nabuhay,umakyat/bumalik; 15. iglesia,inusig/pinatay; 16. Jesus,kamatayan.

## *Pagsusulit sa Ikaapat na Kabanata*

1. Ang mga kuwento sa Biblia ay nakaugnay sa __________ mensahe ng Biblia, na tayo ay __________ at kailangan natin ang Diyos upang __________ tayo.

2. Nang likhain ng Diyos ang mundo, lahat ay pawang mabuti. Ngunit dahil sa __________, nagkaroon ng labis na kaguluhan at kamatayan. Nangako ang Diyos na siya ay magsusugo ng isang __________ upang pawiin ang lahat ng kaguluhang hatid ng __________.

3. Marami sa mga kuwento sa Lumang Tipan ay tungkol sa mga taong bumubuo ng bansang tinatawag na __________.

4. Nagtalaga ang Diyos na iba't ibang uri ng mamumuno sa kanyang bayan: mga hukom at mga __________ at mga hari. Nagsugo rin siya ng mga __________ upang akayin ang mga tao sa Diyos at ipaalala sa kanila ang mga pangako ng Diyos tungkol sa isang __________.

5. Nang dumating si __________, lahat ng mga ipinahayag ng mga propeta tungkol sa __________ ay natupad.

6. Si Jesus ay __________ na __________ upang iligtas tayo.

7. Si Jesus ang hari at __________ at propeta na kailangan natin. Dahil kay Jesus, ang Diyos ay naging __________ natin sa langit.

8. Lahat ng mga kuwento sa Biblia ay naghahayag tungkol kay __________ at sa kanyang mga ginawa para sa atin.

*Tingnan ang tamang sagot sa pahina 87.*



*Si Jesus at ang mga bata-itinuturo niya sa atin ang lahat ng kailangan natin.*

*Ikalimang Kabanata*

# GAMITIN ANG IYONG BIBLIA

Ang kabanatang ito ay may kaibahan sa iba pang mga bahagi ng aklat na ito. Wala itong mga katanungan. Iyan ay dahil sa ang kabanatang ito ay gaya ng isang gabay na aagapay sa iyo. Gagamitin mo ang gabay na ito upang tulungan kang magsimulang magbasa at mag-aral ng Biblia.

Sa kabanatang ito, matututunan mo:

* kung paano ka magsisimulang magbasa ng Biblia;
* saan mo hahanapin sa Biblia ang mga tulong na kailangan mo sa iba't ibang mga sitwasyon sa iyong buhay.

Ang pag-aaral kung paano mo gagamitin ang Biblia ay gaya ng pag-aaral na magmaneho ng isang sasakyan.

Kung susundin mo ang mga panuntunan tungkol sa pagmamaneho, ito ang paraan upang matutunan mo kung paano dapat gamitin ang iyong sasakyan: Una, mayroong pag-aaral tungkol sa mga batas sa lansangan. Pagkatapos ay kailangan mong ipasa ang isang pagsusulit tungkol sa mga batas-trapiko bago ka makakuha ng lisensiya sa pagmamaneho. Kakailanganin mo rin ng isang mahusay na nagmamaneho upang agapayan ka kung magsimula ka ng mag-aral. Hindi ka agad magmamaneho sa isang abalang lansangan sa umpisa. Maaari kang magsimula sa isang hindi mataong kalsada o sa isang bakanteng paradahan. Dahan-dahan mong sasanayin ang sarili mo sa pagmamaneho.

Ngayon ay ihambing natin ito sa pag-aaral ng paggamit ng Biblia. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng munting aklat na ito, nagkaroon ka na ng kaalaman kung paano gagamitin ang Biblia. Ngayon ay maaari mo nang simulan ang pagbabasa ng Biblia. Makatutulong na magkaroon ka ng mga kaagapay sa iyong pagsisimula-mga taong mayroon ng malalim na pagkaunawa sa Biblia. Ang mga taong nagbigay sa iyo ng munting aklat na ito ang maaari mong maging kaagapay.

Saan ka magsisimula? Ang ilang mga aklat at mga kabanata ng Biblia ay mas madaling basahin kaysa iba pa. Dahil nagsisimula ka pa lang, mainam na magsimula ka rin sa mga madaling aklat at kabanata, at ang mas mahihirap ay maaari mong balikan sa mga susunod mong pagbabasa.

Maaari mong itanong, “Hindi ba ako maaaring magsimula sa unang aklat ng Biblia at sundin ang pagkakasunod-sunod ng mga aklat hanggang sa huli?” Maraming tao ang sumubok gawin iyan. Ngunit halos karamihan ng mga sumubok na gawin iyan ay humihinto agad pagkatapos ng maigsing panahon. Madalas ay hindi na sila nakauusad sa ikalawang aklat na tinatawag na Exodo. May mga bahagi sa Lumang Tipan na punong-puno ng lahat ng uri ng mga kautusan na ibinigay ng Diyos sa Israel sa kanilang panahon. Ang mga kautusang ito ay mahalaga para sa Israel noon, ngunit marami sa mga ito ang napakahirap para sa atin na unawain.

Kaya kung makarating na sa mga kautusang ito sa mga aklat ng Exodo at Levitico ang pagbabasa ng mga bagong mag-aaral ng Biblia, madalas ay napapako na sila rito at humihinto na sa kanilang pagbabasa.

Hindi namin nais na mapako ka sa ganitong mga bahagi at tuluyang huminto ng pagbabasa ng Biblia! Kaya iminumungkahi namin na magsimula ka muna sa pagbabasa ng ilang mga aklat at kabanata. Mas madali itong gawin at ipagpatuloy.

Bibigyan ka namin ng isang plano sa pagbabasa ng iba’t ibang bahagi ng Biblia. Ang planong ito ay sumusunod sa pagkakaayos ng mga aklat ng Biblia. Bagamat ang planong ito ay sadyang lalagpasan ang maraming bahagi ng Biblia, kung susundin mo ang plano ay marami ka pa ring mababasa! Mayroon kang sapat na mababasa para sa ilang

linggo o buwan. Huwag kang mag-alala kung abutin ka ng mahabang oras upang mabasa mo ang lahat ng ito. Sinisikap ng planong ito na manatili sa madadaling bahagi ng Biblia, ngunit may ilang mga bagay na sadyang mahirap na unawain. Kung mayroon kang hindi maunawaan, magpatuloy ka lang. Habang nagpapatuloy ka sa pagbabasa ay lumalawak din ang iyong kaalaman.

Sa pamamagitan ng planong ito ay marami kang mababasang kuwento sa Biblia. Sa iyong pagbabasa, tandaan mong ang lahat ng mga kuwentong ito ay bahagi ng iisang pangunahing salaysay-na ang lahat ng tao ay makasalanan at kailangan natin ang Diyos upang maging Tagapagligtas natin. Mauunawaan mo ang iba't ibang kuwentong iyong mababasa kung pananatilihin mo sa iyong isip ang pangunahing mensaheng ito. Muli't muli ay makikita mo ang mga taong mahihina, mga taong gumagawa ng kamalian, na nasasangkot sa mga kaguluhan. At makikita mo rin kung paanong patuloy na ipinakikita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa mga tao at kung paano niya sila inililigtas.

Narito ang plano para sa iyong pagsisimula.

Umpisahan mo sa aklat ng Genesis, ang unang aklat sa Biblia.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| Genesis 1–4 | Paano nilikha ng Diyos ang mundo, at paano nagkasala ang tao |
| Genesis 6–9 | Paano iniligtas ng Diyos si Noe at ang kanyang pamilya sa baha |

| | |
|---|---|
| Genesis 12–33 | Mga kuwento tungkol sa buhay nina Abraham, Isaac at Jacob |
| Genesis 37–50 | Mga kuwento tungkol sa buhay ng mga anak na lalaki ni Jacob (ang pagsisimula ng bansang Israel) |

Ang kasunod mong babasahin ay ang iba pang mga bahagi ng simula ng kasaysayan ng bansang Israel.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| Exodo 1–20 | Paano iniligtas ng Diyos ang Israel mula sa pagkakaalipin at ibinigay sa kanila ang kanyang kautusan |
| Bilang 10–14 | Paano nabigo ang Israel na magtiwala nang lubusan sa Diyos |
| Bilang 20–25 | Mga kuwento tungkol sa paglalakbay ng mga Israelita sa ilang |
| Deuteronomio 31–34 | Paano nagwakas ang pamumuno ni Moises sa Israel |
| Josue 1–11 | Paano ipinagkaloob ng Diyos sa Israel ang tagumpay laban sa ibang mga hari upang pagkalooban sila ng sarili nilang lupain |

Sa iyong pagbabasa ng ilan sa mga nabanggit na mga aklat at kabanata, makakikita ka ng mga listahan ng mga pangalan ng tao. Huwag kang mag-alala kung hindi mo makilala o mabigkas ang mga pangalang ito. Sadyang isinama ng Diyos ang mga bagay na gaya nito upang ipakita na ang mga kuwentong ito ng Biblia ay tungkol sa mga totoong tao na nabuhay sa mga totoong lugar sa mundo. Ang Biblia ay hindi isinulat na gaya ng isang “fairy tale”, tungkol sa nangyari “once upon a time.” Ang mga taong nabanggit sa mga kuwento ng Biblia ay ginawa nga ang mga bagay na sinasabi ng Biblia na kanilang ginawa. Kahit ang mga pinaka kamangha-manghang himala ay mga bagay na totoong

nangyari at hindi mga kathang-isip lamang ng mga manunulat ng Biblia.

Habang nagpapatuloy ka sa pagbabasa ng Biblia, mas marami kang matututunan tungkol sa kasaysayan ng mga Israelita. Narito ang ilan sa mga kuwento mula sa panahon ng mga hukom at ng mga pari at mga hari.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| Hukom 1– 2 | Paano nagkaroon ng kaguluhan sa Israel noong panahon ng mga hukom |
| Ruth 1–4 | Ang kuwento ng isang babae na naging bahagi ng isang pamilya kung saan magmumula ang Tagapagligtas |
| 1 Samuel 1–31 | Mga kuwento tungkol sa mga mahihina at masasamang pari (si Eli at ang kanyang mga anak) at tungkol sa unang hari ng Israel (si Saul) |
| 2 Samuel 1–20 | Paano namuno si David bilang hari- at paanong maraming mga kaguluhan sa kanyang tahanan dahil sa kasalanan |
| 1 Hari 1–11 | Paano namuno si Solomon bilang hari, gayon din ang pagtatayo ng templo para sa Diyos |

Nilagpasan natin ang mga kuwento ng maraming pinuno sa aklat ng mga Hukom. Iminumungkahi naming lagpasan mo rin ang mga kuwento tungkol sa mga haring namuno pagkatapos ni Solomon (ang mga kuwentong ito ay nakatala sa kabuuan ng aklat ng mga Hari at mga Cronica. Maaari mong basahin ang ilan sa mga kuwentong ito kung nais mo. Ngunit ang plano ay lagpasan mo muna ang

ilang mga bahagi ng Lumang Tipan sa ngayon. Nais naming magpatuloy ka upang makarating ka sa Bagong Tipan. Doon mo mababasa ang tungkol kay Jesus, ang iyong Tagapagligtas, at kung paano siya nabuhay at namatay para sa iyo!

Ngunit bago tayo makarating sa Bagong Tipan, may ilan pang mga pangkat na kailangan mong basahin upang matapos mo ang kuwento ng Lumang Tipan.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| 2 Hari 17 | Paano ang kanlurang bahagi ng Israel ay nasakop ng ibang kaharian |
| 2 Hari 24–25 | Paano ang silangang bahagi ng Israel (tinatawag itong Juda) ay nasakop ng imperyo ng Babilonia |
| Ezra 1 at 4–7 | Paano pinayagan ang ilang mga Israelita na bumalik sa kanilang bayan at muling itayo ang Templo nang ang Persia na ang naghahari sa Babilonia |
| Esther 1–10 | Ang kuwento ng isang babaeng Judio at ng lahing Judio na nanatili sa Persia (Ang mga tao mula sa Juda ay nakilala bilang mga “Judio”) |


Ang bahaging nagsasalaysay tungkol sa mga nangyari noong panahon nina Ezra at Ester ay magdadala sa iyo sa wakas ng pangunahing kuwento tungkol sa mga taong pinili ng Diyos sa Lumang Tipan. Marami pang ibang kuwento na iyong mababasa. Ngunit kung babasahin mo ang mga bahagi ayon sa plano, madadaanan mo ang marami sa mga kuwento sa Lumang Tipan na nagpapakita ng mga kaguluhang hinarap ng mga Israelita at kung paano sila tinulungan ng Diyos.

Ang susunod na mga aklat sa Biblia ay ang mga aklat ng tula. Ang aklat ni Job ay tungkol sa isang tao na labis na nagdusa sa kanyang buhay. Ang aklat ng mga Awit ay naglalaman ng mga tula para sa pagsamba sa Diyos. Ang Kawikaan ay koleksyon ng mga makabuluhang payo. Ang Ecclesiastes o Mangangaral ay isinulat ni Solomon sa huling bahagi ng kanyang buhay. Sinuri niya ang naging buhay niya sa nakaraan at nakita niya na karamihan sa kanyang mga ginawa ay walang kabuluhan, at ang pagtitiwala sa Diyos ang nag-iisang bagay na tunay na makabuluhan. Ang Awit ng mga Awit o Awit ni Solomon ay paglalarawan ni Solomon sa tunay na pag-ibig.

Maaaring interesado kang basahin ang mga aklat na ito. Ngunit sa pagsisimula mo ng pagbabasa ng Biblia, pagtutuunan muna natin ng pansin ang mga aklat na nagsasalaysay ng mga kuwento.

Iminumungkahi rin namin na sa ngayon ay lagpasan mo muna ang aklat ng mga propeta. Upang maunawaan natin ang sinasabi ng mga propeta, mahalagang maunawaan muna natin ang kasaysayan noong mga panahong isinulat nila ang kanilang mga aklat.

Makatutulong din na malaman natin ang tungkol sa buhay ni Cristo, sapagkat ang mahahalagang bahagi ng mga pahayag ng mga propeta ay tungkol sa pagdating ng Tagapagligtas. Kaya maaari mong balikan ang mga aklat ng mga propeta pagkatapos mong basahin ang tungkol sa buhay ni Jesus at ang kanyang mga ginawa.



*Job.*

Ang mga kuwento tungkol kay Jesus ay matatagpuan sa unang apat na mga aklat ng Bagong Tipan. Ang mungkahi namin ay magsimula ka sa dalawa sa mga aklat na ito kaysa lahat ng apat na mga aklat na ito.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| Lucas 1–24 | Ang buhay ni Jesus, nakatutok sa kanyang mga gawa |
| Juan 1–20 | Ang buhay ni Jesus, nakatutok sa kanyang mga salita at mga katuruan |

Ang kabuuan ng mga aklat ng Bagong Tipan ay tungkol sa iglesia. Ang aklat ng mga Gawa ay nagsasalaysay tungkol sa ginawa ng mga apostol upang palaganapin ang mensahe ni Jesus. Marami ring liham upang turuan at patatagin ang iglesia. Basahin mo ang aklat ng mga Gawa at ilang mga halimbawa ng mga liham.

| **Ano ang babasahin mo:** | **Ano ang matututunan mo:** |
|---|---|
| Gawa 1–28 | Ang kuwento ng iglesia at paano ito lumago, lalo na sa pamamagitan ng gawa ni Pablo |
| Roma 1–15 | Isang buod ng mga katuruang Cristiano |
| Efeso 1–6 | Paano tayo mamumuhay bilang mga Cristiano |
| Filipos 1–4 | Paano mananatiling matatag sa panahon ng kahirapan |
| 1 Tesalonica 1–5 | Paano magiging handa sa pagbabalik ni Jesus |
| Santiago 1–5 | Paano natin dapat na isabuhay ang ating pananampalataya |
| 1 Pedro 1–5 | Manatiling matatag kahit ikaw ay nagdurusa |
| 2 Pedro 1–3 | Mag-ingat sa mga nagtuturo ng maling mga aral tungkol sa Diyos |
| 1 Juan 1–5 | Mabuhay sa pag-ibig, kung paanong inibig tayo ng Diyos |

## Paghahanap ng tulong mula sa Biblia para sa iba’t ibang pangyayari

Ang unang bahagi ng kabanatang ito ay gabay na magagamit mo sa iyong pagbabasa ng Biblia. Ang pagkakaroon ng ganitong plano upang regular mong mabasa ang Biblia ay makatutulong upang marami kang matutunan tungkol sa Diyos.

Ngunit may mga pagkakataon din na nais mong konsultahin ang Biblia upang makakuha ka ng payo tungkol sa iyong suliranin, o tulong sa kung paano mo haharapin ang iyong mga damdamin. Nais mong marinig ang Salita ng Diyos na may kaugnayan sa iyong nararanasan sa buhay. Para sa layuning ito, maaari mong gamitin ang listahan ng mga mungkahi namin sa mga susunod na pahina.

Sa listahang ito, ang mga aklat ng Biblia ay tinutukoy sa kanilang pangalan, kasunod ng mga numero o bilang. Ang unang numero ay ang kabanata ng aklat. Ang mga sumusunod na numero ay ang mga talata sa kabanatang iyon. Halimbawa, ang Juan 3:16 ay nangangahulugang ang aklat ni Juan, kabanatang 3, talatang 16. Maaari mong gamitin ang Talaan ng Nilalaman sa unahang bahagi ng iyong Biblia upang tulungan kang hanapin ang mga aklat ng Biblia. Sa bawat aklat, may mga numero sa simula ng bawat kabanata, at bawat talata sa kabanata ay mayroong maliit na numero sa tabi nito.

| Sa mga panahong ... | Basahin mo ang mga talatang ito ... | Ano ang makikita mo sa mga ito ... |
|---|---|---|
| Nag-iisip ka kung bakit liko ang buhay mo | Kawikaan 3:1-8 | Kailangan mong magtiwala sa Diyos, hindi sa iyong sarili |
| Iniisip mong malayo ang Diyos | Awit 139:1-16 | Ang Diyos ay malapit sa iyo sa lahat ng oras |
| Pakiramdam mo ay puro kahirapan ang hatid ng Diyos sa iyo | Hebreo 12:4-13 | Ginagamit ng Diyos ang mga kahirapan sa iyong buhay upang sanayin ka bilang kanyang anak |
| Nalulungkot ka o nanghihina | Juan 14:1-3 | Mayroon kang lugar sa langit na inihanda ni Jesus para sa iyo |
| Hindi ka makatulog | Awti 121 at Kawikaan 3:21-26 | Iniingatan ka ng Diyos mula umaga hanggang gabi at binibigyan ka ng kapayapaan ng isip |
| Nais mo ng kapayapaan at katahimikan sa iyong buhay | Juan 14:27 at Roma 5:1-11 | Ang tanging kapayapaang pangmatagalan para sa iyong buhay ay nagmumula kay Jesus |
| Nangungulila ka sa iyong pamilya | Awit 68:4-6 | Ginawa ka ng Diyos na bahagi ng kanyang pamilya |
| Tila iniwan ka ng lahat at nag-iisa ka na lang | Awit 31:9-24 | Kasama mo ang Diyos at sinasabi sa iyong huwag kang mawalan ng pag-asa |
| May sakit ka | Awit 41:1-3 | Binabantayan ka ng Diyos kung ikaw ay may sakit |
| Natatakot ka | Awit 23 | Inaalagaan ka ng Diyos gaya ng pag-aalaga ng isang pastol sa kanyang tupa |
| Punong-puno ka ng galit | Efeso 4:22-27 | Ang galit ay nagbibigay lamang ng pagkakataon sa diyablo upang kontrolin ka |
| Namumuhi ka sa isang tao | Lucas 6:27-36 | Nais ng Diyos na ibigin mo kahit ang iyong mga kaaway |
| Punong-puno ka ng pagnanasang seksuwal | 1 Corinto 6:12-7:3 | Ang iyong katawan ay sa Panginoon at dapat mo lang gamitin ang iyong katawan upang parangalan ang Panginoon |
| Naiinggit ka sa mga bagay na mayroon ang ibang tao | Lucas 16:19-25 | Ang tanging mahalaga sa buhay na ito ay naririyan ang Diyos sa buhay mo hanggang sa wakas |
| Natutukso kang gumawa ng masama | Awit 1 | Ang gumawa ng kasalanan ay magdudulot lang sa iyo ng kasamaan; magiging maayos ang mga bagay kung susunod ka sa Diyos |

| Sa mga panahong ... | Basahin mo ang mga talatang ito ... | Ano ang makikita mo sa mga ito ... |
|---|---|---|
| Nanghihina ang pananalig mo sa Diyos | Awit 46:1-3 at Awit 146:5-8 | Hindi ka binibitiwan ng Diyos kahit gaano pa kahirap ang iyong pinagdadaanan |
| Tila hindi patas ang buhay | Awit 10 | Maaaring nagagawa ng mga masasama ang kanilang kagustuhan, ngunit ang Diyos ang palaging may kontrol sa lahat ng oras |
| Pinagtatangkaan kang saktan ng ibang tao | Awit 37:1-13 | Ang Diyos ay nasa iyong panig at iingatan ka niya |
| Nagdaranas ka ng matinding sakit o maraming problema | Isaias 43:1-2 | Sasamahan ka ng Diyos sa lahat ng iyong mga pagdurusa |
| Tila gumuguho ang iyong mundo | Mateo 7:24-27 | Ang pananalig kay Jesus ang tanging paraan upang hindi ka mabuwal |
| Kailangan mo ng tapang upang magpatuloy | Josue 1:9 | Palalakasin ka ng Diyos |
| Nag-aalala ka sa buhay | Mateo 6:25-34 at Filipos 4:12-13 | Ang pag-aalala ay nakasasama lamang sa iyo; manalig ka kay Cristo at ikaw ay magiging malakas |
| Nararamdaman mo ang bigat ng iyong kasalanan | Awit 51 | Kahit ang mga mamamatay-tao ay maaaring dumalangin sa Diyos at humingi ng kapatawaran |
| Hindi ka tiyak kung mapapatawad ka ng Diyos dahil sa iyong kasalanan | Awit 32 | Pinatatawad ng Diyos ang lahat mong kasalanan at binabalot ka ng kanyang pag-ibig |
| Kailangan mo ng isang bagay na magpapasaya sa iyo | Filipos 4:4-9 | Magalak ka sapagkat kabilang ka kay Jesus |
| Hindi mo alam paano manalangin | Lucas 11:1-13 | Inaanyayahan ka ni Jesus upang manalangin, at diringgin ka ng Diyos |
| Nais mong malaman kung paano ka mamumuhay ayon sa nais ng DIyos | Efeso 4:28-5:20 | Nababago ang buhay mo kung nabubuhay ka para sa Diyos |
| Nangangamba kang malayo sa Diyos | Roma 8:28-39 | Walang higit na malakas kaysa pag-ibig ng Diyos para sa iyo |
| Iniisip mo kung ano ang mangyayari sa iyo kung mamatay ka | Job 19:25-27 at Juan 11:25 at 1 Corinto 15:53-57 | Muli kang bubuhayin ng Diyos upang makasama ka niya magpakailanman sa kanyang piling |

# Pagtatapos

Umaasa kaming sa pamamagitan ng aklat na ito ay marami kang natutunan tungkol sa Biblia – ang aklat na ibinigay ng Diyos sa atin. Ngayong natapos mo na ang araling ito, handa ka nang magsimulang magbasa ng Biblia sa iyong sarili. At kahit gaano pa karami ang iyong nabasa na, palaging mayroong marami pang matututunan!

Marami ring mga maiikling pag-aaral na gaya nito. Makatutulong ang mga ito upang mas marami ka pang matutunan tungkol sa mga ipinahayag ng Diyos sa atin sa Biblia.

Pagpalain ka ng Diyos sa iyong pagsisimula ng pag-aaral upang makilala mo siya at maging malapit ka sa kanya!

# Mga Sagot para sa mga Pagsusulit sa mga Kabanata

**Mga Sagot para sa Pagsusulit sa Unang Kabanata: (pahina 15-17)**

1. konsensiya, mabuting asal; 2. Biblia;
3. ugnayan,pinanumbalik; 4. aklat,taon;
5. pagsilang/kapanganakan; 6. pahayag;
7. Marcos,Juan,Jesus; 8. liham/epistula; 9. silid.

**Mga Sagot para sa Pagsusulit sa Ikalawang Kabanata: (pahina 29)**

1. walang katulad,Salita; 2. pagkakamali, Salita;
3. tubig,walang hanggan; 4. ilaw,madilim; 5. salita, nauunawaan; 6. salin,Hebreo,Griyego;
7. mapagtitiwalaan,buhay.

**Mga Sagot para sa Pagsusulit sa Ikatlong Kabanata: (pahina 43)**

1. karunungan, mensahe/aral; 2. makasalanan;
3. iniligtas,kasalanan; 4. kamatayan;
5. kaparusahang,ipinatawad; 6. muling nabuhay, buhay na walang hanggan; 7. Biblia.

**Mga Sagot para sa Pagsusulit sa Ikaapat na Kabanata: (pahina 70-71)**

1. pinakamahalagang/pangunahing,makasalanan,iligtas;
2. kasalanan,Tagapagligtas,kasalanan; 3. Israel;
4. pari,propeta,Tagapagligtas; 5. Jesus,Tagapagligtas;
6. Diyos,nagkatawang-tao; 7. pari,Ama; 8. Jesus.

## *Pangwakas na Pagsusulit*

**Isulat sa patlang:**

**L.T.** kung ang pangungusap ay tungkol sa Lumang Tipan,

**N.T.** kung ang pangungusap ay tungkol sa Bagong Tipan,

**Pareho** kung ang pangungusap ay tungkol sa Luma at Bagong mga Tipan.

1. ________ 39 na mga aklat na isinulat bago namuhay sa mundo si Jesus.

2. ________ 27 na mga aklat na isinulat pagkatapos na mamuhay sa mundo si Jesus.

3. ________ naglalaman ng mga kuwento tungkol sa bansang Israel.

4. ________ naglalaman ng mga kuwento tungkol sa buhay ni Jesus.

5. ________ Nagpapahayag na ang lahat ng tao ay makasalanan.

6. ________ Nagpapahayag ng dakilang pag-ibig ng Diyos at ang pagliligtas niya sa mga tao.

7. ________ Orihinal na isinulat sa wikang Griyego.

8. ________ Orihinal na isinulat sa wikang Hebreo.

9. ________ Naglalaman ng aklat ng Pahayag o Apokalipsis, na naglalarawan ng ipinahayag sa atin sa iba pang mga bahagi ng Biblia.

10. ________ Naglalaman ng aklat ng mga Awit, mga tula para sa pagsamba sa Diyos.

11. ________ Nagtuturo sa atin tungkol sa kautusan ng Diyos at sa kanyang ebanghelyo.

12. ________ Ang mga aklat ng Biblia ay kinasihan ng Diyos.

**Kumpletuhin ang mga sumusunod na pangungusap:**

13. Ang tatlong mga patungan o salansanan sa lalagyan ng aklat sa Lumang Tipan ay naglalaman ng mga aklat ng __________, __________, at __________.

14. Ang tatlong mga patungan o salansanan sa lalagyan ng aklat sa Bagong Tipan ay naglalaman ng mga aklat ng __________, __________, at __________.

15. Bagamat isinulat ng mga tao ang mga aklat ng Biblia, ang nag-iisang tunay na may-akda ng Biblia ay __________.

16. Sinasabi nating ang Biblia ay kinasihan ng Diyos sapagkat __________ ng Diyos sa mga manunulat ang mga __________ na nais niyang isulat nila.

17. Ang Biblia ay __________ pagkakamali. Bawat salita sa Biblia ay __________.

18. Ang pinakamahalagang mensahe ng Biblia ay lahat ng tao ay __________ at nararapat na __________ ng Diyos, ngunit __________ ng Diyos si Jesus sa halip na tayo upang mapagkalooban tayo ng __________ sa halip na __________.

19. Ang dalawang pangunahing katuruan na bumubuo sa pinakamahalagang mensahe ng Biblia ay ang __________ at __________.

20. Ang ___________ ay nagpapakita sa atin na hindi natin kayang maging matuwid sa harapan ng Diyos.

21. Ang ___________ ay naghahayag na tinupad ni Jesus ang lahat ng ___________ ng Diyos para sa atin, at tinanggap at inalis ni Jesus ang ____________ na nararapat sa atin dahil sa ating mga kasalanan.

22. Ang mga kuwento sa Biblia ay nagtuturo sa atin na hindi tayo dapat magtiwala sa ___________ o sa sinumang ___________. Kailangan nating magtiwala sa ___________.

23. Ang mga kuwento sa Biblia ay tungkol sa mga ___________ tao na nabuhay sa ___________ mga lugar sa mundo. Ang mga isinalaysay sa Biblia ay mga bagay na ___________ nangyari.

24. Sa iyong pagbabasa ng Biblia, dapat mong isaisip ang pangunahing kuwento nito: na lahat ng tao ay ___________ at kailangan ang ___________ upang maging ating ___________.

25. Upang matagpuan ang Juan 3:16, hahanapin mo ang aklat ng _____________, ___________ tatlo, ___________________ 16.

Punan ang mga sumusunod:

PANGALAN: ______________________________

ADDRESS: ______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

*Mangyaring magbigay ka ng iyong mga komento tungkol sa pag-aaral na ito.*

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

*Para sa karagdagang impormasyon o upang humiling ng iba pang mga pag-aaral, sumulat o makipag-ugnayan sa:*

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World

**A Bible Handbook - Tagalog**
**Bible Teachings Series**
**MLP Catalog Number: 385562**